

Taon XXXI Bilang 10 Oktubre 2001

EDITORYAL

Pag-ibayuhin ang mga rebolusyonaryong

pagkilos sa harap

ng gerang agresyon

ng US at ng tumitinding

reaksyon

rehimen sa "kampanyang antiterorismo" ng US upang ipwesto na rin ang sarisaring mga patakaran at hakbanging antinasyunal at anti-demokratiko. Layunin ng rehimen na gipitin at tugisin ang mga itinuturing nitong kaaway, pigilin ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan, supilin ang lumalakas na pagtutol ng mamamayan sa mga patakarang dikta ng imperyalismong US at pangalagaan ang interes nito at ng amo nitong imperyalista.





www.angbayan.org

NILALAMAN

EDITORYAL: Pag-ibayuhin ang mga rebolusyunaryong pagkilos sa harap ng gerang agresyon ng US at tumitinding reaksyon

Digmang agresyon ng US sa Afghanistan

Ano ang Northern Alliance?

Tuluy-tuloy ang protesta sa Pilipinas

Galit laban sa gubyernong US at UK

MGA ULAT KORESPONSAL: (9) Mga suliranin ng mga magsasaka't manggagawang bukid sa mga niyugan sa Kabikulan; (11) Mga pakikibaka ng mamamayan laban sa Lepanto Mines; (15) Rebolusyong agraryo sumusulong sa Cagayan Valley; (16) Paglalabas ng Kalatas habang naggagawaing masa; (18) Sagot sa tuluy-tuloy na atake ng kaaway sa Gitnang Luzon; (20) Pagpaparami at pagpapalaganap ng AB

22 PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO: (22) Mga kaso ng paglabag sa karapatangtao (Hulyo-Oktubre 2001); (25) Pahayag ni Ka Roger

27 MGA BALITA

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng *Ang Bayan* ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

www.angbayan.org

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.org

Kaugnay nito, inihahanda na ang pagsasabatas ng sistemang National ID. Mas masahol kaysa mga nagdaang rehimen, balak ng rehimeng Macapagal-Arroyo na ibukas sa US ang anumang impormasyong matitipon sa pamamagitan ng sistemang ito.

Malayong higit na pinalaki na ang bahagi ng AFP at PNP sa panukalang badyet ng gubyerno para sa 2002. Ang 25% o P19.8 bilyong inilaki ng badyet para sa AFP at PNP ay pumapangalawa sa 40.1% o P44.3 bilyong inilaki ng badyet para sa bayad sa utang panlabas.

Samantala, sa udyok ng mga militarista at pasistang nasa likod ng rehimen, arbitraryong pinatigil ng rehimen ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Tusong layunin nitong mailarga ang ibayong pagpapatindi ng pananalakay sa rebolusyonaryong kilusan at militarisasyon sa mga baseng erya ng hukbong bayan, tulad ng ginagawa nito ngayon sa hangganan ng Aurora at Nueva Ecija, sa Mindoro, Bohol at Hilaga-Silangang Mindanao, bago pa man ipagpatuloy ang usapan.

Walang kahihiyan ang pagpapakita ni Macapagal-Arroyo ng pagkatuta sa imperyalismong US at paglapastangan sa pambansang kasarinlan. Pagputok pa lamang ng digmaan, ibinukas na ng papet na rehimen ang walang limitasyong pagpapagamit sa tropang US ng mga pangunahing paliparan at daungan at sa buong himpapawid ng bansa. Nag-alok din ang rehimen ng tulong sa anyo ng pagpapadala ng mga tropang Pilipino, mga doktor, gamot, pagkain at iba pa.

Pinayagan ni Macapagal-Arroyo ang direktang panghihimasok ng US sa gera laban sa mga "lokal na terorista" sa pagpapapasok ng "ispesyalista sa kontra-terorismo" mula sa US upang magsilbing "tagapayo" ng mga sundalong Pilipino. Bukod sa gera laban sa Abu Sayyaf, sasaklawin ng mga ito ang gera laban sa rebolusyonaryong kilusan at ang armadong pakikibaka ng Moro Islamic Liberation Front. Nauna nang pinuntahan nitong 26-kataong "tagapayo" ang Basilan at isusunod nila ang pag-ikot sa lahat ng iba pang mayor na himpilan ng AFP sa bansa. Sa layuning sugpuin ang rebolusyonaryong armadong paglaban, nagpasok na rin sa bansa ng mga kagamitang pandigma galing sa US.

Walang kahihiyan ding ipinagmamalaki ni Macapagal-Arroyo ang pagiging pinakamasugid na tuta ng imperyalismong US sa buong Asia-Pacific. Ipinarada niya ang kanyang sarili bilang "numero unong" tagasuporta sa Asia ng digmang agresyon ng US sa harap ng pagtanggi ng mga lider sa Asia Pacific Economic Cooperation na endorsohin ang pag-atake ng US sa Afghanistan.

Ang lahat ng ito'y nagreresulta sa ibayong pagyurak sa karapatang-tao ng mamamayan. Ngayon pa lamang, higit nang tumindi ang mga paglabag ng AFP, PNP at mga

pwersang paramilitar ng rehimen sa karapatang-tao. Sa napakaigsi pa lamang na panunungkulan ng rehimen, mas masahol na ang mga paglabag na ito kaysa sa dalawang taon ng napatalsik na rehimeng Estrada.

Kasabay ng todong pagsuko sa pambansang kasarinlan ang sukdulang pagsasakripisyo, ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa kapakanan ng mamamayan upang higit na pagsilbihan ang interes ng impervalismo at kasapakat nitong lokal na mga naghaharing uri. Kamakailan ay nagbigay ng hulugang P30 alawans para sa mga manggagawa. Isa itong napakalaking insulto sa harap ng mabilis na pagdausdos ng kabuhayan ng mga manggagawa at panawagan nila para sa P125 solidong karagdagan sa arawang sahod.

Hindi rin pinakikinggan ng rehimen ang kahilingan ng mga magsasaka na bitiwan na ang mga komitment nito sa imperyalistang patakarang "globalisasyon" at sa World Trade Organization, pigilan ang pagpapalit-gamit sa mga lupang agrikultural at ipatupad ang tunay na reporma sa lupa. Bingi rin ang rehimen sa protesta ng maliliit na kawani ng gubyerno laban sa dikta ng International Monetary Fund at World Bank na isapribado ang mas marami pang korporasyon at ahensya ng gubyerno at tanggalin ang 100,000 kawani ng gubverno.

Tungkulin ng Partido at ng buong rebolusyonaryong kilusan, sa harap ng mga ito, na pag-ibayuhin ang pagmumulat at pag-oorganisa sa mamamayan, pagsusulong ng mga

kilusang masa at armadong pakikibaka laban sa imperyalismong US at lokal na reaksyon, pagpapalawak ng pambansang nagkakaisang prente, lalong pagpapahina sa reaksyon at pagkakamit ng ibayong mga rebolusyonaryong tagumpay.

Ibayong isulong ang mga paki-kibaka ng mamamayan, laluna ng masang anakpawis. Ipagpatuloy at igiit ang pakikibaka para sa maka-tarungang P125 karagdagan sa ara-wang sahod ng mga manggagawa, mga pakikibakang antipyudal at protesta laban sa "globalisasyon", sa pribatisasyon at iba pang anti-mamamayang patakaran ng imperyalismong US at ng gubyerno.

Bigyan ng partikular na diin ang tungkulin nating direktang mulatin, organisahin at pakilusin ang mamamayang Moro kapwa sa kanayunan at kalunsuran para sa pambansa-demokratikong rebolusyon at sa pagsasakatuparan ng kanilang karapatan sa pagpapasyasa-sarili. Pag-ibayuhin natin ang gawaing pampulitika sa hanay nila upang ang kanilang lumalakas na damdaming anti-US ay mapatalas at mahimok sa wastong rebolusyonaryong landas. Kaalinsabay, patuloy nating paunlarin at patibayin ang kasalukuyang rebolusyonaryong pakikipag-alyansa ng National Democratic Front sa Moro Islamic Liberation Front.

Isulong ang malawakang kilusan laban sa ibayong pagyurak sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan sa ngalan ng "kampanyang anti-terorismo". Isulong ang mga protesta sa tumitinding mga paglabag sa karapatang-tao at di pagpapatupad ng Comprehen-

sive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at sa mga isinasagawa ng rehimen na mga panukala at plano para sa higit na pagsikil sa mga demokratikong karapatan mamamayan. Ilantad, batikusin at labanan ang malinaw nang nangingibabaw na militaristang advenda at patakaran ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo.

Higit na pasiglahin ang mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan. Palakasin natin ang mga ito laluna sa mga lugar na kasalukuyang maluwag dahil sa pagkonsentra ng kaaway sa kanilang mga pangunahing target ng pag-atake.

Palawakin at gawing makapangyarihan ang kilusan laban sa imperyalistang digma. Ilantad at labanan ang imperyalistang pagsasamantala at panunupil bilang pinakamalaking salot na lumilikha ng pinakamalaking ligalig at pinsala sa mga bansa at sambayanan ng daigdig. Matatag na tutulan at labanan ang pananalakay ng US sa Afghanistan at ilantad ang walang habas na pamiminsala ng US sa mamamayang Afghani.

Isulong ang pakikibaka para pawalambisa ang Mutual Defense Pact at iba pang kasunduan at patakarang may layuning gawing buntot ng mga patakaran ng imperyalismong US ang Pilipinas. Itaguyod tunay na nagsasarili mapayapang patakarang panlabas. Isulong ang lahatang-panig anti-impervalistang pakikibaka ng mamamayang Pilipino at mahigpit itong iugnay sa namumuong pandaigdigang kilusan laban sa imperyalistang agresyon at reaksyon.

Ang digmang agresyon ng US

sa Afghanistan

Saklot ng kadiliman, sinimulang bombahin ng mga eroplanong pandigma ng US at United Kingdom (UK) ang mga pangunahing syudad ng Afghanistan nitong Oktubre 7. Sinundan ito ng ibayo pang pambobomba sa sumunod na mga araw.

Ayon sa propaganda ng US, layunin nitong "durugin ang depensang panghimpapawid at mga sentro ng kumand ng Taliban". Alinsunod rito, walang patumanggang binomba ang mga "target-militar" na sa katunaya'y mga sibilyang paliparan at mga daanan at iba pang imprastruktura.

Binomba ng US ang *village* o baryo ng Karam, dahil imbakan umano ito ng mga baril at bala ng Taliban. Nitong Oktubre 16, tinamaan ng bombang US ang mga gusaling imbakan ng Red Cross. Dalawang bodegang puno ng kailangang-kailangang suplay ng mamamayang Afghani ang natupok at isang gwardya ang nasugatan. Isa pa uling imbakan ng Red Cross ang nabomba ng US sa ikaapat na linggo ng Oktubre.

Sa paglulunsad ng digmaang ito, ipinakikita ng US ang kawalang pagkilala nito sa mga batayang karapatan sa soberanya at pagsasarili ng isang mamamayan laban sa dayuhang pakikialam at pananalakay. Kasuklam-suklam na ginagamit nito ang islogang "Enduring Freedom"



o "matagalang kalayaan" gayong nilalapastangan nito ang kabuhayan at mga karapatan ng mamamayang Afghani, kabilang sa pinakamahirap at pinakadusta sa daigdig. Bago nito, buong kahambugang ginamit ang islogang "Infinite Justice" o "walang hanggang katarungan" subalit iniatras ito pagkatapos umani ng negatibong reaksyon.

Aroganteng layunin ng US na pangibabawin ang imperyalistang kapangyarihan nito sa Afghanistan at sa rehiyon ng Central Asia.

Malawakan at lahatang-panig na pinsala ang idinulot ng kampan-yang pambobomba sa natitirang imprastruktura sa Afghanistan. Ibayong dumapa ang dati nang atrasadong kalagayan ng mga syudad nito. Pangalawang araw pa lamang ng pambobomba ay nagsimula nang maubusan ng target ang mga eroplanong pandigma ng US at UK.

get ng kanilang mga bomba, sa aktwal ay marami rito ang hindi tumatama sa mga target. Sa ikalawang linggo pa lamang, 400 sibilyan na ang kumpirmadong napatay, kabilang ang mga bata at kababaihan at apat na manggagawa ng United Nations. Ngunit ayon sa mga nakasaksi, aabot na sa 800 o mas malaki pa ang bilang ng mga

Sibilyang target.

Taliwas sa pina-

lalabas ng US

na presiso ang tar-

Pagpasok ng ikalawang linggo ng kampanyang pambobomba, idineploy ng US ang mga B-52 bomber upang maghanap ng mga makilos na target (katulad ng mga "tropa" ng Taliban at al Qaeda) at maghulog ng mga cluster bomb, o bombang nagsasaboy ng 150 maliliit na bomba sa pagputok nito. Kinukundena at ipinagbabawal ng Red Cross at iba pang makataong organisasyon ang paggamit ng mga cluster bomb dahil sa lawak ng erya na sinasaklaw nito at dahil marami sa maliliit na bomba ay hindi agad na sumasabog. Sumasabog na lamang ang mga ito kapag natitisod ng tao o hayop. Kumpara sa mga landmine, mas marami ang napapatay ng mga ito dahil mas malawak ang naaabot ng pagsabog nito.

Dahil sa kabiguan ng US na patayin si bin Laden sa kabila ng isinagawa nang todo-todong kampanyang militar, inirekomenda na ng Pentagon ang paggamit ng armas nukleyar upang bombahin ang mga lungga ng al Qaeda. Iginigiit ng US na magiging "taktikal" lamang ang paggamit nito laban sa mga "ispesipikong" target. Pinakahuling gumamit ang US ng armas nukleyar nang bombahin nito ang Hiroshima at Nagasaki sa Japan noong 1945 na nagresulta sa pagkamatay ng mahigit 100,000 mamamayan.

Panggugutom at "pagpapakain". Ipinagmamayabang ng US na ang kanilang paghuhulog ng mga nirasyong pagkain (food drops) at gamot ay "tulong" sa mga sibilyang sinasalanta ng kanilang gera. Sa loob ng isang linggo, naghulog ng 110,000 pakete ng nirasyong pagkain ang mga eroplanong militar (abereyds ng 16,000 kada araw). Kung tutuusin, isa itong walang katuturang hakbang na malayong makatutugon sa arawang pangangailangan ng walong milyong Afghani na magugutom dahil sa digmang agresyon. May peligro pa dahil maraming pakete ang babagsak sa mga eryang tadtad ng landmines. Nakakalat ang aabot sa 10 milyong *landmines* sa kalupaan ng Afghanistan.

Upang mapwersa ang mamamayang Afghani na umasa sa ayudang militar ng US, kriminal na ipinatigil ng huli ang pamamahagi ng pagkain at iba pang ayuda ng mga internasyunal na makataong organisasyon at mga karatig bansa sa Afghanistan. Dulot nito, tinatayang isang milyong Afghani ang mamamatay sa kagutuman at kahirapan sa darating na taglamig. Bago pa man ang digmang agresyon, mayroon nang 3.8 milyong Afghani na nakaasa sa ayudang pagkain. Sa pagpigil ng mga bagong suplay, 320,000 Afghani ang mawawalan ng pagkain sa loob ng isang linggo. Pagdating ng Disyembre, mauubusan ng pagkain ang 1.6 milyong mamamayan. Itinaas na ng United Nations ang taya nitong 7.5 milyong mamamayan (mula sa 5.5 milyon) o sangkatlo sa populasyon ng Afghanistan ang mangangailangan ng ayuda sa loob ng taong ito. Ang "unang gera" ng milenyo laban sa "terorismo" ay mabilis na naghuhugis pambansang henosidyo.

Malinaw na propaganda- militar lamang ang limitadong food drops. Isinasagawa lamang ito ng US upang bigyan-matwid ang pambobomba ("kailangang durugin muna ang depensang panghimpapawid ng Taliban upang maaliwalas na maisasagawa ang food drops") at pagtakpan ang karahasan ng digmang agresyon laban sa mga sibilyan. Ginagamit din ito bilang panunuyo sa mamamayang Afghani. Sa mga nakapaketeng pagkain ay nakatatak ang mga salitang "regalo ng mamamayang Amerikano sa mamamayang Afghani". Kasabay ng mga pagkain, naghuhulog ang US ng mga polyeto at radyong de-susi.

Nakalarawan sa mga polyeto ang isang Afghani na kinakamayan ang isang sundalong Amerikano. Ang mga radyo naman ay nakapirmi sa isang istasyon lamang (na pinatatakbo ng militar ng US) para hindi magamit sa mga brodkas ng Taliban.

Aroganteng layunin ng US na pangibabawin ang imperyalistang kapangyarihan nito sa Afghanistan at sa rehiyon ng Central Asia.
Malawakan at lahatangpanig na pinsala ang idinulot ng kampanyang pambobomba sa natitirang imprastruktura sa Afghanistan. Ibayong dumapa ang dati nang atrasadong kalagayan ng mga syudad nito.

Pwersahang pagpapalikas. Tinatayang aabot sa 1.1 milyong Afghani ang agad na nagsilikas sa kanilang mga tahanan matapos magdeklara ng gera ang US sa Afghanistan. Karamihan dito ay tumulak papunta sa mga hangganan ng mga karatig bansa upang takasan ang atake ng US at UK. Pero karamihan sa kanila ay tinatanggihang makapasok at napipilitang bumalik na lamang sa masisikip na refugee camps sa loob ng Afghanistan. Bago pa man masimulan ang pambobomba, nakapwesto na ang mga armadong pwersa ng Uzbekistan, Tajikistan at Turkmenistan sa mga hangganan nito upang pigilin ang pagpasok ng mga refugee. Iniutos ng US sa gubyernong Pakistan na isara ang mga hangganan nito sa katwirang maaaring sumama sa daloy ang mga tauhan ni bin Laden. Dagdag dito, pinresyur ng US ang Iran upang isara rin ang sarili nitong hangganan sa Afghanistan. A

Ano ang Northern Alliance?

ng mga kriminal na

gawi ng Northern

Alliance sa

Afghanistan.Walang

kinikilalang

karapatang-tao at

mga alituntunin sa

digma ang

dalawang panig.

Northern Alliance, isang kumpol ng mga warlord at panatiko na nakabase sa makitid na erya sa hilagang Afghanistan. Inaamin ng US at UK na magiging mahirap at madugo ang gera para sa kanilang panig kung ilulunsad ito sa kalupaan ng Afghanistan. Kaya sa halip na magpadala ng libu-libong Amerikanong sundalo (na bukod sa magastos ay tiyak na hindi uubra), aarmasan na lamang ng mga ito ang Northern Alliance at ikukumpas ang gera mula sa Pentagon at MI-6, ang ahensyang paniktik ng UK.

Ang Northern Alliance, na sinusuportahan ng US bilang panghalili sa Taliban, ay binubuo ng sa disyerta maliliit na grupong sinipa ng Taliban nang maagaw nito ang pampulitikang kapangyarihan sa kalakhan ng Afghanistan noong 1996. Dati nang suportado at inaarmasan ng mga Katulad ng Taliban, gubyernong Russia, Iran at Saudi mahaha at karumal.

Ang pwersang sinusuportahan at nais iupo ng US sa kapangyarihan ay walang saligang pagkakaiba sa Taliban. Katulad ng Taliban, mahaba at karumal-dumal ang rekord ng mga kriminal na gawi ng Northern Alliance sa Afghanistan. Walang kinikilalang karapatang-tao at mga alituntunin sa digma ang dalawang panig. Sa mahigit 10 taon ng gera sibil na pinangunahan ng dalawang kampo, tampok ang pananalbeyds, panunu-

Arabia ang Northern Alliance.

nog, pagnanakaw ng mga ari-arian, panggagahasa at iba pang krimen laban sa sangkatauhan.

Karamihan sa mga krimen ng Northern Alliance ay isinagawa bago ang 1996, sa panahong nasa ilalim pa ng kanilang kontrol ang Kabul, sentrong lunsod at pulitikal ng Afghanistan at kalakhan ng hilagang bahagi nito. Walang patid ang paglabag ng Northern Alliance sa karapatang-tao ng mamamayang Afghani, laluna ng mga Pashtun, ang etno-linggwistikong

grupong pinagmulan ng mga bumubuo sa Taliban:

Huling bahagi ng 1999 hanggang maagang bahagi ng 2000. Nangmasaker, nanunog ng kabahayan at dinambong ang mga village sa loob at paligid ng distrito ng Sangcharak sa loob ng apat na buwan. Karamihan sa mga target ay mula sa mga Pashtun at mga Tajik.

Setyembre 20-21, 1998. Binomba ang isang palengke sa hilagang bahagi ng Kabul kung saan 76 hanggang 180 mamamayan ang namatay.

Huling bahagi ng Mayo 1997. Dinakip at pinatay ang 3,000 sundalong Taliban sa loob at sa paligid ng Mazar-e Sharif. Ilan sa mga sundalong ito ay dinala sa disyerto at doon pinagbabaril habang ang iba ay itinapon sa mga balon at hinagisan ng granada.

The sa kalakhan Enero 5, 1997. Binomba ng mga eroplanong Junbish, isang grupong bahagi ng Northern Alliance, ang mga mataong lugar sa Kabul. Ilang sibilyan ang namatay at marami pa ang nasugatan.

Marso 1995. Nandambong at nanggahasa ang mga tropa ng Northern Alliance sa Karte Seh, Kabul. Ayon mismo sa mga ulat ng State Department ng US, sistematikong nagnakaw ang mga tropang ito sa kabahayan at naghanap ng kababaihang gagahasain.

Pebrero 11, 1993. Binomba ng Jamiat-i Islami at Ittihad-i Islami, mga grupong kabilang sa Northern Alliance, ang kanlurang bahagi ng

Kabul. Maraming etnikong sibilyang Haraza ang namatay at naglaho. Nanggahasa rin ang mga tropang ito ng maraming kababaihan.

1994. Umabot sa 25,000 ang pinatay ng Northern Alliance sa Kabul. Nagsagawa rin ng panggagahasa, pananalbeyds at iligal na pag-aresto ang mga grupong nasa ilalim nito. Malawakan ang paggamit ng Northern Alliance ng tortyur sa mga nadakip na sundalong Taliban.

Tuluy-tuloy ang protesta sa Pilipinas laban sa digmang agresyon at reaksyon

itong Oktubre 10, muling nagrali sa tapat ng embahada ng US sa Maynila ang may 1,000 manggagawa, magsasaka, maralitang-lunsod, kababaihan, kabataan at mga grupong Muslim na kabilang sa Justice not War Coalition (JWC) laban sa mga pag-atakeng militar ng US sa Afghanistan at pagsuporta rito ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

"Sa paraang ipinagtatanggol ng rehimeng Gloria Macapagal-Arroyo nang walang kakurap-kurap...ang gerang pag-atake ng US at Britain sa Afghanistan, malinaw na ipinakikilala ni Arroyo ang kanyang sarili bilang punong papet ng imperyalismong US sa Southeast Asia," paliwanag ni Ka Mameng Deunida, lider ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay).

Nito namang Oktubre 3, kasabay ng pagtambol ng panawagan para sa P125 umento sa sahod ng mga manggagawa, inisponsor ng ilang myembrong organisasyon ng JWC ang Oplan Tanghalian para sa ilang pulitiko, mga liderkomunidad ng mga Moro, taong simbahan, artista at mga propesor tangan ang islogang "dagdag na sahod at pagkain sa mesa, hindi imperyalistang gera".

Kasabay ng kilos-protestang ito, inilunsad rin ang mga rali, *noise*

barrage at mga pagtitipon sa mga lunsod ng Baguio, Naga, Cebu, Iloilo, Dumaguete, Cagayan de Oro, Butuan, General Santos at Dayao.

Sa Bacolod, kinundena ng komunidad ng mga Moro ang digmang inilunsad ng US dahil wala naman umanong matibay na ebidensya na si Osama bin Laden ang nasa likod ng kriminal na pag-atake sa World Trade Center at Pentagon noong Setyembre 11. Anang kinatawan ng Muslim Brotherhood, Inc., tinutuligsa ng lahat ng Muslim sa buong mundo ang pambobomba ng US sa mga mayor na balwarte ng Taliban. Sinabi rin ng ilang Moro na sinusuportahan nila ang *jihad* na idineklara ng Taliban sapul nang mabalitaang naapektuhan na ng mga pambobomba ang mga kapatid nilang Muslim.

Sa Iligan, naglunsad ng raling pangkapayapaan ang kababaihang Kristyano at Muslim noong Oktubre 10 bilang protesta sa lahat ng anyo ng terorismo laban sa mga inosente.

Sa Lanao, may 10,000 Maranao ang nagpahayag na lalahok sa *jihad* na ipinananawagan ng Taliban upang tumulong sa pagtatanggol sa mga sibilyang kapatid nilang Muslim na iniipit ng digma ng US.

Sa magkakahiwalay na pagtitipon sa Mindanao, di sinangayunan ng simbahang Katoliko




ang pagtarget ng US sa mga sibilyan, at nagpahayag na "dapat tukuyin ang ugat ng mga teroristang aksyon upang makatagpo ng pangmatagalang solusyon sa problema". Sinabi rin ng simbahan na "kung hanap nati'y katarungan, tayo mismo'y hindi dapat maging mga terorista."

Bago nito, naglunsad ng isang linggong protesta ang Justice not War Coalition mula Setyembre 25-30. Sinimulan ito ng martsa ng kababaihan noong Setyembre 25 sa Mendiola sa pamumuno ng Gabriela. Itinuring itong paghahanda para sa International Day of Action laban sa digmang agresyon ng US sa Afghanistan na ginanap nitong Oktubre 27 (Oktubre 28 sa Pilipinas).

Nagngingitngit na galit laban sa gubyernong US at UK

agngingitngit ang galit ng dumaraming Muslim at iba pang mamamayan ng daigdig sa walang patumangga, arogante at ipokritong digmang agresyon na inilulunsad ng US at United Kingdom laban sa mamamayan ng Afghanistan. Sa iba't ibang bahagi ng daigdig, tuluy-tuloy ang buhos sa lansangan ng malaking bilang ng mamamayan upang kundenahin at tutulan ang digmang agresyong ito. Sa sobrang galit, daan-daan libong Muslim na ang nagpahayag ng kahandaang makipagdigma laban sa US.



Nitong Oktubre 15, sinalubong ng mga nagpuprotesta si Colin Powell, secretary of state ng US, nang bumisita ito sa Pakistan upang "palakasin" ang relasyong US-Pakistan. Sa mga syudad ng Karachi at Quetta, puu-puong libo ang nagprotesta kabilang ang mga estudyante, negosyante at iba pang panggitnang pwersa.

Sa ibang bahagi ng Pakistan, libu-libo ang nagpuprotesta arawaraw upang ipakita ang kanilang galit sa US at sa papet na gubyerno ni Mussharaf. Kadalasan, nauuwi sa madudugong kumprontasyon ang mga demonstrasyon kung saan marami ang namamatay at mas marami pa ang inaaresto. Mayroong direktang utos si Mussharaf na barilin ang sinumang magiging "marahas" sa hanay ng mga nagpuprotesta. Inaresto na rin nito ang lider ng Islamic Party at kinasuhan ng "pagtataksil sa bayan".

Mula sa Indonesia at Bangladesh, hanggang sa Palestine, Egypt, Sudan, at Kenya, bumubuhos sa Sa Egypt, 20,000 estudyante ang lumabas sa kani-kanilang mga unibersidad dala-dala ang mga pla-kard na nagsasaad ng kanilang pagkamuhi sa US. Ilandaang estudyante rin ang nagsagawa ng protesta sa harap ng parlamento ng Indonesia. Ang mga nagpuprotesta, na karamihan ay nakabelong kababaihan, ay dinispers ng pulisya sa pamamagitan ng pagpapasabog ng tirgas. Dahil sa matinding protesta, umatras na mula sa todo-suporta sa gera ng US si Megawati Sukarnoputri, presidente ng Indonesia.

ang kanilang relihiyon at mga kapa-

tid na Muslim.

Nagsagawa rin ng mga protesta ang mga Muslim sa Malaysia, Pilipinas at Thailand. Sa Bangladesh, pumutok ang mararahas na demonstrasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa. Harapang nagpapahayag ng pagtutol sa agresyon ng US ang ilang myembro ng parlamento. Sa Oman, nagtungo sa lansangan ang mga estudyante upang ipanawagan sa mga bansang Arabo at Islamiko na itigil na nila ang pagbibigay ng tulong sa US.

Sa Africa, inilunsad ang mga anti-US na protesta sa Sudan, Nigeria at Kenya. Naging marahas ang mga demonstrasyon at nagresulta ito ng pagkamatay ng daang katao at pag-aresto ng marami pa.

Sa US at iba pang panig ng mundo

Bago pa man nagsimula ang pambobomba, nagrali na ang mamamayang Amerikano sa Los Angeles (20,000), Washington (20,000) at daan libong mamamayan sa San Francisco sa ilalim ng koalisyong Act Now To Stop War and End Racism (ANSWER). Kabilang sa ANSWER ang Bagong Alyansang Makabayan-USA. Ilang libo rin ang nagrali sa Canada, Australia, UK at iba pang bahagi ng mundo, ▶



Mga suliranin ng mga magsasaka't manggagawang bukid sa mga niyugan sa Kabikulan

Sa harap ng tuluy-tuloy na pagdausdos ng pamilihan at industriya ng niyog sa bansa at buong daigdig, patuloy ang paglubog ng mga magsasaka sa mga niyugan sa malalang karukhaan. Sa kabila nito, walang ginagawa ang rehimeng Macapagal-Arroyo para alagaan ang kanilang kapakanan. Ang sumusunod ay paglalarawan ng abang kalagayan ng mga magsasaka sa mga niyugan sa Kabikulan.

Monopolyo ng mga panginoong maylupa sa mga niyugan. Tinatayang 2.5 milyong pamilya (3.4 milyong magsasaka at manggagawang bukid at ang kanilang 16.6 milyong supling) sa buong bansa ang umaasa sa produksyon ng niyog para sa kanilang kabuhayan. Dalawampung porsyento o 500,000 lamang ng mga pamilyang ito ang may sariling niyugan. Samantala, 50,000 pamilya

lamang ang nagmamay-ari sa 80% ng lahat ng niyugan sa bansa.

Ang nagpapatuloy na kawalan ng sariling lupang ikinabubuhay ng malaking mayorya ng mga magsasaka sa niyugan ang naglulugmok sa kanila sa mabagsik na pagsasamantalang pyudal at malapyudal at sa matinding kahirapan at pagkaatrasado sa kabuhayan.

Sa Bikol, 663,443 ektarya o 37%

ng kabuuang lupain ay niyugan. Wala pang 0.2% nito ang 1,226.2 ektaryang "ipinamahagi" mula 1987 sa ilalim ng maka-asenderong Comprehensive Agrarian Reform Law.

Dahil ang pag-aari at kontrol sa lupa ay nananatiling monopolisado ng mga panginoong maylupa, naididikta nila ang hatian ng produkto mula sa mga niyugan. Pinakalaganap

■ kabilang ang Pilipinas upang ipanawagan kay Bush na itigil na nito ang kanyang jingoismo.

Sa New York, lugar na pinangyarihan ng mga teroristang atake, nagmartsa ang 10,000 katao noong Oktubre 7, unang araw ng pambobomba ng US sa Afghanistan. Sa araw ding iyon, 5,000 ang nagmartsa sa sentro ng San Francisco at sa loob ng sumunod na 48 oras, ispontanyong nagpahayag ng galit at pagtutol ang libu-libong mamamayang Amerikano sa mga lansangan at unibersidad sa iba't ibang bahagi ng US. Nitong Oktubre 8, naglunsad ng martsa sa Athens at Thessalonica, Greece ang may 6,000 katao.

Mula Oktubre 11-16, inilunsad ng iba't ibang grupo sa Florida, Massachussetts at California sa US, Canberra sa Australia, Tokyo at Hiroshima sa Japan ang serye ng mga kilos-protesta laban sa agresyon ng US at pangkalahatang estratehiyang militar nito.

Nitong Oktubre 13, sa London (UK), 50,000 katao ang nagmartsa sa mga lansangan habang 75,000 naman ang nagrali sa Germany sa ilalim ng bandilang "No war–stand up for peace" (Walang digmaan–manindigan para sa kapayapaan).

Nitong Oktubre 14, inilunsad ang pinakamalaking aksyon-protesta sa loob ng isang dekada sa Italy laban sa agresyon ng US at pagsuporta rito ng kanilang presidente. Umabot sa 150,000 mamamayan ang nagmartsa sa kahabaan ng 24-kilometrong lansangan mula sa syudad ng Perugia hanggang Assisi. Daladala ang mga anti-gerang plakard, ipinahayag nila ang kanilang pagkundena at pagtutol sa pamamagitan ng mga islogan at kanta.



ang partihang 60-40 at tersyuhan (2/3-1/3), pabor sa panginoong maylupa. Sa mas maraming niyugan, isinasabalikat ng mga magsasaka ang mga gastos sa produksyon katulad ng pasahod sa manggagawang bukid at upa sa kalabaw.

Kung kaya nananatiling hikahos ang kalagayan ng nakararami sa halos 300,000 magsasaka at manggagawang bukid sa mga niyugan sa Bikol. Sa kabilang banda, limpak-limpak ang kinikita ng mga panginoong maylupa, burges-kumprador at mga dayuhang namumuhunan sa produksyon ng kopra at iba pang produkto ng niyog.

Pagdausdos ng pamilihan at presyo ng mga produkto ng niyog. Matagal nang kumikitid ang pandaigdigang pamilihan ng mga produkto ng niyog. Pangunahing dahilan nito ang lumalaking kumpetisyong idinudulot ng iba pang vegetable oils (langis na galing sa halaman). Pangunahing kakumpitensya ng langis ng niyog ang palm oil at palm kernel oil. Maging ang gubyernong Macapagal-Arroyo ay magpapatupad ng programa sa komersyal na pagtatanim ng mga negosyante mula sa Malaysia at Brunei ng palm trees sa 100,000 ektarya sa bansa. Makapagpapabilis ang ganitong programa sa pagdausdos ng industriya ng niyog sa Pilipinas.

Dulot ng pagkitid ng pandaigdigang pamilihan, lagi nang bagsak ang presyo ng mga produkto ng niyog. Mainam na kung umabot sa P6 ang bawat kilo ng kopra. Noong 1996, umabot lamang ito sa abereyds na P3.50 bawat kilo. Sa kasalukuyan, P4.50–P5.50 lamang ang presyo nito. Maging ang mga panggitna at mayamang magsasaka ay biktima rin ng bagsak na presyo ng kopra.

Bukod sa pagsadsad ng presyo ng kopra bunga ng pagkitid ng pandaigdigang pamilihan nito, kinakaltasan pa nang 15-25% ang presyo ng kopra para sa resiko (muling pagpapatuyo para alisin ang natitirang tubig sa kopra) na arbitraryong itinatakda ng mga namimiling kumprador.

Sa humigit-kumulang 1.5 ektaryang niyugan, karaniwang nakaaani ang isang nangungupahang maralitang magsasaka ng 2,400 piraso ng niyog bawat 45 araw. Nagluluwal ito ng 600 kilo ng kopra. Sa presyong P5.50 bawat kilo, ang kabuuang kita rito ng magsasaka ay P3,300. Kapag binawasan nang 15% o P495 para sa resiko, ang matitirang paghahatian ng magsasaka at panginoong maylupa ay P2,805. Sa partihang tersyuhan batay sa kabuuang kita, P1,870 ang kakamalin ng panginoong maylupa. Ang P935 na matitira sa magsasaka ay aawasan pa ng mga gastos sa produksyon. Kahit walang awasin dito, ang abereyds na maaari niyang gastusin hanggang sa susunod na gusi (anihan) ay P20.78 lamang bawat araw. Ito ay 5.4% lamang ng tinatayang P382.63 arawang pangangailangan ng anim-kataong pamilya upang mabuhay nang disente sa labas ng Kamaynilaan. Upang magkaroon ng dagdag na kita, kailangang magtrabaho rin siya bilang manggagawang bukid o maghanap ng iba pang pagkakakitaan.

Sahod-alipin ng mga manggagawang bukid sa niyugan. Nakapako sa napakababang antas ang sahod ng mga manggagawang bukid sa niyugan. Sa pagbagsak ng presyo ng kopra, bumagsak din ang sahod ng mga manggagawang bukid. Sa por pirasong pasahod, 30 sentimo ang karaniwang bayad sa pagkakawit, 10 sentimo sa pagtitipon at 15 sentimo sa pagbubunot. Ang pakyawang trabaho sa panginoong maylupa o mayamang magsasaka ng isang manggagawang bukid mula pagkakawit hanggang sa pagsasako ng kopra ay binabayaran lamang ng 60 sentimo bawat piraso. Kung mapakyaw ng isang manggagawang bukid ang isang gusi at matatrabaho niya ang 2,400 niyog, halimbawa, kikita siya ng P1,440. Mula rito, magkakaroon siya ng abereyds na P32 lamang na panggastos araw-araw para sa kabuhayan ng pamilya.

Malawakang pagpapalit-gamit ng lupa at dislokasyon. Nitong Abril, 11.7% ang upisyal na tantos ng disempleyo sa Kabikulan. Patuloy itong lalala sa harap ng malawakang pagputol ng mga punong niyog at pagpapalit-gamit ng lupa.

Sa kabila ng RA 8048 o Coconut Preservation Act of 1995, batas na nagbabawal sa pagputol ng mga produktibong puno ng niyog, milyun-milyong puno ang pinuputol taun-taon para sa paggawa ng cocolumber, sa pagpapalit-gamit ng lupa at iba pa.

Nakatakdang ipailalim sa pagpapalit-gamit upang gawing minahan, pabrika, komersyal na mga plantasyon at iba pang agribisnes, *commercial complex*, *golf course*, *resort* o di kaya'y "proyektong pangkaunlaran" ang may 1.315 milyong ektarya o 74.62% ng buong Kabikulan.



Mga pakikibaka ng mamamayan

laban sa Lepanto Mines

Sobra-sobra ang panghuhuthot ng likas na yaman at supertubo ng Lepanto Consolidated Mining Corporation (Lepanto Mines) sa Mankayan, Benguet. Kapalit nito, pagkawasak ng lupang ninuno, buhay at kabuhayan naman ang sinasapit ng mamamayan ng Mankayan at mga nakapaligid na lugar, na karamiha'y mga magsasakang Kankanaey Igorot. Sumusunod ang salaysay ng iba't ibang pakikibaka ng mamamayan sa Mankayan at iba pang komunidad sa paligid laban sa dambuhala at makapangyarihang Lepanto Mines.

Sa Barangay Bulalacao, Mankayan, tatlong buwang nagrali at nagbarikada noong 1999 ang Barangay Bulalacao Movement for the Protection of Land, Life and Natural Resources o BBM (Kilusan sa Barangay Bulalacao para sa Pagtatanggol ng Lupa, Buhay at Likas na Yaman). Bunga nito, napigilan nila ang pagbubutas sa lupa (drilling operations) na binabalak ng Lepanto



Mines sa Sityo Tabbac, Bulalacao sa pamamagitan ng subsidyaryo nitong Diamond Drilling Corporation of the Philippines (DDCP). Ginawa ng mga residente ang mga pagkilos na ito upang di na maulit ang pagkasaid ng tubig sa mga sakahan sa Caew, Colocol at Manaba

◆ Kawalang-katarungan sa istori-kong suliranin ng coco levy. Magpahanggang ngayon, hindi lamang ipinagkakait sa mga magsasaka sa niyugan ang pondong coco levy (buwis sa kalakal ng produktong niyog). Pormal nang binawi ni Macapagal-Arroyo ang maka-Cojuangco na utos ni Estrada kaugnay ng coco levy. Subalit minamaniobra ngayon ng pinuno ng Kongreso na si Jose De Venecia ang muling pagbabalik ng pondong coco levy kay Cojuangco.

Bukod rito, nito lamang Hunyo 2001 ay pinawalambisa na ng korte ang isa sa pitong kaso laban kay Cojuangco kaugnay ng pagnakaw sa pondong *coco levy*. Ginamit ni Cojuangco ang pondo para ipambili ng mga sapi sa United Coconut Planters Bank at San Miguel Corporation.

Patung-patong ang mga suliraning pinapasan ng mga magniniyog. Nagpapatuloy ang pagdausdos ng industriya sa niyog at ang karukhaan ng mamamayang umaasa rito. Nananatili namang bulag at bingi ang rehimen sa kanilang kalagayan. Mareresolbahan lamang ang mga ito sa pamamagitan ng mga matagalang radikal na pagpapalawak at pagbabago sa agrikultura at kabuuang ekonomyang pampulitika sa mga niyugan. Sa proseso nito, kailangang maglunsad ng mga pakikibakang antipyudal at iba pang pakikibakang masa na nakatuon sa bawat natukoy na suliranin upang makakamit ng mga kagyat na kaginhawahan sa malubhang karukhaan ng masang magsasaka sa mga niyugan.



■ noong dekada 1960 dulot ng paggawa ng Lepanto Mines ng 123 butas malapit sa pinagkukunan ng tubig pang-irigasyon. Noong 1995, sa tindi ng galit ng ilang mamamayan, pinasabog nila ang mga kagamitan sa *drilling* ng Lepanto Mines sa parehong barangay.

Dahil sa barikada, nalugi raw ang Lepanto Mines kaya sinampahan nito ng kasong paglabag sa Philippine Mining Act of 1995 ang mga lider-masa ng Tabbac at Bulalacao Central. Sa halip na matakot, naglunsad ng iba't ibang anyo ng pagkilos ang mamamayan ng Tabbac. Hindi rin nilubayan ng mga taga-Bulalacao Central ang mga kababayan nilang nasakdal. Disyembre 1999 nang magdesisyon ang hukuman para huwag nang ituloy ng Lepanto Mines ang pagbubutas at ipinatigil din ang mga barikada. Sa kabila nito, nanatiling mapagbantay ang mamamayan upang mapigilan ang kumpanya, sakaling muli itong maglunsad ng drilling operations. Nagsampa sila ng mga petisyon sa Department of **Environment and Natural Resources** (DENR) at nakipag-usap sa mga lokal na upisyal na magbuo ng mga resolusyon kaugnay nito. Nagpadala rin ang mga upisyal ng barangay ng resolusyon sa Lepanto Mines at DENR, na nagpapahayag na kailanman ay hindi sila pumayag sa pagmimina ng Lepanto Mines sa lugar, taliwas sa sinasabi ng kumpanya at ng DENR.

Sa Barangay Poblacion noong Agosto 1999, binuo ng mga residente Ang Lepanto Consolidated Mining Corporation

(LCMC o Lepanto Mines) sa Mankayan, Benguet ay isa sa pinakamalalaking imperyalistang kumpanya sa buong bansa. Itinatag ito noong 1936 mula sa kinonsolidang 150 mining claims (pag-aangkin ng karapatang magmina) sa Mankayan ng mga namumuhunan mula sa US, sa pamumuno ng isang malaking prospektor sa pagmimina na si Victor Lednicky. Noong dekada 1980, nahawakan nito ang isang malaking reserbang naglalaman ng 650 milyong toneladang dambuhalang deposito ng tansong porphyry o batong may grado ng 65% ng tanso at 1.33 gramo ng ginto kada tonelada. Bukod sa saklaw nito ngayong 949 ektarya ng Mankayan, may aplikasyon pa ito para sa 2,652 pang ektaryang kunsesyon.

Mula nang itatag, nakahango na ito ng mahigit 743,000 tonelada ng tanso, 92 toneladang ginto, at 390 toneladang pilak. Noong 1995, nadiskubre nito ang napakayamang reserba ng ginto sa Victoria ore body (deposito ng mga batong may mineral) ng Mankayan at sinimulan dito ang Victoria Gold Project. Matapos ang anim na dekadang pagkokonsentra nito sa pagmimina ng tanso, naging pinakamalaking tagapagmina na ito ng ginto sa bansa. Dahil dito, nagarantiyahan ang patuloy na pag-aani nito ng supertubo para sa 25 pang taon.

Kasalukuyang may 2,374 na manggagawa ang kumpanya. Sa halip na gawing regular, kalakhan ng mga manggagawa ay inuupahan mula sa mga ahensyang pang-empleyo. Apat na ahensya ang nagsusuplay ng mga kontraktwal na manggagawa sa Lepanto Mines.

ang Mankayan Sinking Victims Association o MSVA (Samahan ng mga Biktima ng Paglubog ng Mankayan). Naghain sila ng petisyon sa Lepanto Mines, DENR at mga upisina ng gubyerno bilang reklamo sa paglubog nang mahigit tatlong metro ng lupang kinatitirikan ng mga bahay sa tabi ng 60 metrong Aurora St. na nasa tapat ng pasukan ng Lepanto Mines. Lumubog din ang lupang kinatatayuan ng Mankayan Central School at nabitak ang lupang kinatatayuan ng Mankayan National High School sa Sityo Panad. Kaya naging delikado nang gamitin pa ang mga ito. Ayon sa datihan nang mga manggagawa, dulot ito ng pagguho ng nagtatagusang mga *tunnel* ng Lepanto Mines sa ilalim ng komunidad. Inabandona na ng kumpanya ang mga ito ngunit hindi maayos na tinabunan ng lupa.

Noon ding 1999 inorganisa sa Barangay Colalo ang Colalo Victims Association (Samahan ng mga Biktima sa Colalo). Ito'y matapos mawasak ang isang eskwelahan, limang bahay, mga sakahan at bahagi ng Mankayan-Cervantes National Road nang gumuho noong Hulyo 1999 ang 14 na ektarya ng lupang



malapit sa catchment basin (malaking salaan ng latak) ng Tailings Dam 5-A ng Lepanto Mines. Nagkalamat ang mismong dam. Isang residente ang nalibing nang buhay at di na muling natagpuan. Itong Tailings Dam 5-A din ang humaharang sa maraming natural na bukal sa paanan ng bundok. Dulot nito, lumambot sa pagkabasa ang lupang tinitirikan ng komunidad sa Colalo. Puu-puong bahay dito at sa kanugnog na Barangay Cabiten, pati ang malalaking sakahan sa may dam, ang nanganganib na gumuho laluna't tuluy-tuloy pang tinataasan ng kumpanya ang dam gamit ang lupang hinuhukay mula sa Colalo at Cabiten. Kahit dalawang taon na makalipas ang naunang pagguho sa Colalo, tuluy-tuloy pa rin ang paggalaw ng lupa, laluna sa Sityo Let-angan. Nagprotesta ang CVA sa pamamagitan ng petisyon at naggiit ng danyos perwisyos mula sa lokal na gubyerno at Lepanto Mines. Bagamat hindi inako ng Lepanto responsibilidad Mines ang pangyayari, napilitan itong magbigay ng "tulong" sa mamamayan "sa dahilang makatao". At nang tangkain ng Lepanto Mines na muling



humukay ng pampuno sa dam mula sa barangay, binarikadahan ng CVA ang buldoser. Pinayagan lamang ito ng mga nagbarikada na makabalik nang mangako ang mga upisyal at kinatawan ng kumpanya na hindi na ito mauulit.

Noong Pebrero 2001, itinransporma ang CVA sa Colalo Residents Organization upang magkaisa laban sa Lepanto Mines di na lamang ang mga biktima ng pagguho kundi pati ang iba pang mga residente ng Colalo at upang mapalawak ang programa ng organisasyon. Kaisa ang BBM at Mankayan Leaders' Forum o MLF (Porum ng mga Lider ng Mankayan), itinaguyod ng CRO ang pagdiriwang ng makasaysayang Araw ng Kordilyera 2001 sa Colalo. Sa pagdiriwang na ito, nakipagbahaginan ang mamamayan ng Mankayan sa iba pang mamamayan ng Kordilyera at sa mga bisita at tagasuporta mula sa iba pang bahagi ng bansa at daigdig. Natuto sila mula sa karanasan ng bawat isa at ibayo pang lumawak ang suporta para sa kanilang pakikibaka.

Nakikiisa na rin sa mamamayan ng Mankayan ang mga naninirahan sa bayan ng Cervantes, Quirino at iba pang kalapit na bayan sa Ilocos Sur, na dinadaluyan palusong ng Mankayan River, gayundin ang mamamayan sa mga kalapit na bayan ng Abra kung saan nagsasanib ang Mankayan at Abra River. Dating mayayabong ang mga sakahan sa gilid ng mga ilog na ito at sa mga kasanga nitong sapa. Subalit tuluytuloy na naging tigang ang mga ito. Pinatay ang lupa ng dekadekadang pagtatapon sa ilog at pagapaw sa bukirin ng latak ng Lepanto Mines. Ang mga sakahang di na Dating mayayabong ang mga sakahan sa gilid ng mga ilog na ito at sa mga kasanga nitong sapa. Subalit tuluy-tuloy na naging tigang ang mga ito. Pinatay ang lupa ng dekadekadang pagtatapon sa ilog at pag-apaw sa bukirin ng latak ng Lepanto Mines. Ang mga sakahang di na mapakinabangan ay tuluyan nang iniwan ng mga magsasaka.

mapakinabangan ay tuluyan nang iniwan ng mga magsasaka.

Nagsampa ang mga magsasaka sa mga lugar na ito ng kaso laban sa Lepanto Mines noon pang maagang bahagi ng dekada '80 subalit ni isang sentimo ay wala silang nakuha mula sa kumpanya. Noon ding 1999, kinumbinsi ng mga magsasaka ang Sangguniang Bayan (SB) ng Cervantes, Ilocos Sur upang magpasa ng resolusyon para imbestigahan ang dam ng Lepanto Mines at patigilin ang ibayong pagpapataas nito. Inendorso rin ng SB ang petisyon ng mga residente ng Mankayan, Cervantes at iba pang mga komunidad sa paligid upang obligahin ang kumpanya na pigilin ang pagguho ng dam.

Noong maagang bahagi ng 2000, nasusuri na ng maraming lider masa sa Mankayan na hindi sasapat kung mananatiling antas komunidad, ispontanyo at hiwahiwalay ang pakikibaka ng mama-



mayan. Sa gayon, sa anibersaryo ng pagguho sa Colalo noong Hulyo 2000, nagdaos ng malawakang asembliya ang mamamayan ng Mankayan para talakayin ang bagay na ito. Nilagom sa asembliya ang mga karanasan ng mamamayan sa pakikibaka at humalaw ng mga aral. Napagkaisahan ang pagbubuo ng pambayang organisasyon para sa paglulunsad ng mas malalaking pakikibaka. Sa gayon, binuo ang Mankayan Leaders' Forum. Mula rito, tuluy-tuloy na naglunsad ang MLF ng saklaw-bayang mga aktibidad. Pinag-uusapan at sinusuri nila ang iba't ibang taktika ng Lepanto Mines sa iba't ibang barangay, upang makapagbalangkas ng kontra-taktika. Pinalalaganap nila ang isyu hinggil sa pagmimina sa pamamagitan ng midya at mga porum at nag-iisponsor ng dayalogo sa pagitan ng mga magsasaka at manggagawa sa minahan upang

...bunga ng marami
na nilang natamo
at naipagtagumpay na
maliliit na pakikibaka,
malaki ang tiwala ng
mamamayan na
sa kalauna'y
mapagtatagumpayan
nila ang dambuhalang
nangwawasak
sa kanilang lupang
ninuno, buhay at
kabuhayan.

sila'y magkaunawaan at magtulungan sa halip na magtunggalian gaya ng ninanais ng Lepanto Mines. Gumugulong na ang pag-oorganisa ng mga unyon ng mga manggagawa sa loob ng kumpanya at ilang subsidyaryo nito.

NAGMAMATIGAS ANG LEPANTO MINES na hindi nito kagagawan ang mga pagkawasak sa Mankayan. Bagkus, ito ay isinisisi ng Lepanto Mines sa "di istableng katangian ng kalupaan" ng munisipalidad. Sa kaisa-isang beses na inamin nito ang krimen, tinawag nitong mga "iskwater" sa lupa ng kumpanya ang mga residente ng lumubog Sityo Pinagayan, Barangay Sapid. Ipinangalandakan pa nito sa midya ang pagbigay ng salapi sa mga biktima, samantalang napilitan lamang naman ito dahil sa mga kilos protesta ng mamamayan.

Ginagamit ng Lepanto Mines ang mga elemento ng AFP at PNP bilang tagapagtanggol ng mga operasyon at imprastruktura nito sa Mankayan. Ang pasukan ng Nayak Twine Decline ay binabantayan ng isang iskwad ng Special Mobile Force ng PNP. Ginugwardyahan naman ng mga militar at CAFGU sa Cabiten ang dam at hinaharas ng mga ito ang mamamayan doon. Nakikipagsabwatan din Lepanto Mines sa mga lokal na pulitiko at mga ahensya ng gubyerno upang matiyak ang tuluytuloy na operasyon nito sa harap ng umiigting at lumalawak na protesta ng mamamayan.

Kasabay nito, naglulunsad ng kampanyang panlilinlang ang Lepanto Mines sa pamamagitan ng



mga "proyektong pangkaunlaran" at pagpapalabas na ito'y maka-kali-kasan at may mahusay na ugnayan sa mga residente ng mga komunidad na pinagmiminahan nito.

Subalit hindi napaatras ng mga iskema ng Lepanto Mines ang paki-kibaka ng mamamayan laban dito.

NITONG NAKARAANG MAYO, MATA-gumpay na naipaatras ng MLF sa Sangguniang Bayan ang Resolution 243 na nagpapahintulot sa ibayong pagpapalawak ng Victoria Gold Project sa Mankayan. Nakamit ito sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpepetisyon at paggigiit ng mamamayan ng dayalogo sa mga lokal at pambansang upisyal.

Matagal pa bago matapos ang pakikibaka ng mamamayan sa Mankayan at sa paligid nito. Napakarami pang mga pakikibakang dapat nilang salungain at ipagtagumpay. Ngunit bunga ng marami na nilang natamo at naipagtagumpay na maliliit na pakikibaka, malaki ang tiwala ng mamamayan na sa kalauna'y mapagtatagumpayan nila ang dambuhalang nangwawasak sa kanilang lupang ninuno, buhay at kabuhayan.



Masigla ngayong sumusulong ang rebolusyong agraryo sa iba't ibang larangan sa Cagayan Valley. Mula sa malalalang pag-atras dulot ng mga pagkakamali sa adbenturismo at insureksyunismo at mula rin sa pagdaan sa konserbatismo sa unang mga taon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, puspusan ngayong pinanghahawakan sa rehiyon ang rebolusyong agraryo bilang susing kawing sa pagsusulong ng kilusang masa sa kanayunan. Sumusunod ang ilang ulat hinggil sa mga tagumpay sa rebolusyong agraryo na nakamit sa Larangang Revnaldo Piñon sa Isabela at Larangang Venerando Villacillo sa Quirino.

Mahigit 1,000 pamilya, nakinabang sa rebolusyong agraryo sa Isabela

Sa Larangang Reynaldo Piñon sa Isabela, mahigit 1,000 pamilya na ang nagbenepisyo sa masiglang kampanya sa rebolusyong agraryo. Naging susi ito sa pagkamit ng mga tagumpay sa larangan ng pulitika't organisasyon. Bunga nito, nakapagtayo ng komiteng pangorganisa sa 11 baryo.

Nagsimulang bumwelo ang kampanya noong Hulyo 2000, at parang titis sa kaparangan, mabilis na kumalat ang apoy at init nito sa karatig pang mga lugar.

Pagpapataas sa sahod ang pinakamalaking nakamit na tagumpay ng mamamayan sa kampanya ng rebolusyong agraryo. Naitaas ang arawang sahod ng mga manggagawang bukid nang P10-P20 sa mga

Rebolusyong agraryo sumusulong sa Cagayan Valley



gawain tulad ng paglilinis, pagtatabas, pag-aani, pag-aabono at pagtatanim. Sa pag-aararo, naging P150-P160 ang sahod mula sa P120 kada araw. Humigit-kumulang 990 pamilya o 4,940 mamamayan sa 11 baryo ang nagbenepisyo sa naturang kampanya.

Naigiit ng mga samahang magbubukid sa pulong barangay ang P10 pagtaas. Bago pa nito ay mahigpit munang nagkaisa ang mga organisadong magbubukid sa pangangailangang magtaas ng sahod. Sabay-sabay na ikinampanya ito sa magkakaratig na lugar. Nakaalyado rin ng mga samahang magsasaka ang ilang mga kasapi ng mga konseho ng barangay.

Ang ilang baryo naman ay nakapagtaas din ng sahod sa pamamagitan ng pagkumpronta sa ilang mga panginoong maylupa, at paghikayat sa mayayamang magsasaka.

Kasabay nito'y binuhay at pinatibay ang mga *ammoyo* (pangkattulungan) at iba pang sistema ng kooperasyon para maiwasan ang mataas na gastos sa produksyon at pangungutang.

Naibaba ang upa ng kiskisan mula P20 tungo sa P18 kada lata (humigit-kumulang 17 kilo ang katumbas) ng palay. Nakinabang dito ang humigit-kumulang 180 pamilya o mahigit 900 na mamamayan sa

limang baryo.

Naisagawa rin sa dalawang baryo ang pagpapababa ng presyo ng mga paninda sa tindahan na sobra kung magpatong. Hinimok ang mga may-ari ng tindahan na ibaba sa makatwirang presyo ang kanilang mga paninda nang hindi naman nasasakripisyo ang kanilang makatwirang ganansya.

Nagtagumpay ang isang antasbaryo na pagkilos para ibaba ang interes sa pautang. Nahikayat ang lokal na usurero na ibaba nang 50% ang interes ng pautang kada anihan. Mula 30%, naging 15% na lamang ito. Walong pamilya ang kagyat na nagbenepisyo.

Matagumpay ding tinutulan ng mga organisasyong masa sa tatlong baryo ang mapanlinlang na mga proyekto ng gubyerno na Community Based Forestry Program o Integrated Social Forestry Program ng DENR na sa esensya'y sistematikong pang-aagaw ng lupa.



Matagumpay na pagpapataas ng presyo ng saging sa Quirino

Militanteng kumikilos ang mga organisadong magsasaka sa Venerando Villacillo Front (VVF) sa prubinsya ng Quirino para isulong ang pagpapataas ng presyo ng kanilang mga produkto, partikular ang saging. Kumikilos din sila para pawiin ang pandaraya sa bilangan ng saging na lalong nakakabawas sa nararapat nilang matanggap na bayad para sa kanilang produkto. Sa umiiral na bilangan, sa bawat isang pirasong saging na binabayaran ng negosyante ay isa hanggang dalawa ang nakukuha niyang libre mula sa pandaraya.

Nitong unang kwarto ng taong 2001, naitaas ang presyo nang higit pa sa 50% na minimum na itinakdang layunin ng paki-kibaka para sa pagpapataas ng presyo ng mga produkto.

Naging linggo-linggo ang ginawang pagtaas ng presyo sa loob ng walong linggo. Sa lakatan, naitaas ito sa minimum na P5 bawat isang linggo. Mula sa dating presyo na P65 bawat isang daan, naipaabot ito sa presyong P119. Sa *damilig* (saba) naman, naitaas ito nang 100%. Mula sa presyong P35 bawat isang daan, ito ay naging P70.

Sa tagumpay na ito, nakinabang ang humigit-kumulang 60 pamilya ng maralitang magsasaka sa isang baryo. Inaasahang lalawak pa ang bilang ng makikinabang habang ipinalalaganap ang kampanya sa iba pang baryo.

Kasalukuyan ding pinagtutuunan ng rebolusyonaryong kilusan ang pagpapataas ng antas ng organisasyon at kamulatan ng mga magsasaka. Isinasaayos din ang transpormasyon ng kanilang organisasyon para maging epektibong kooperatiba. Para makamit ito, pinagsisikapang konsolidahin at patatagin ang komiteng pang-organisa ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid at ang pagbubuo ng ganap na samahang masa sa baryo. **E**

Paglalabas ng *Kalatas* habang nasa gawaing



ng tuwiran at tuluy-tuloy na paglahok ng mga kasama sa istap ng *Kalatas* sa gawaing masa ay dati nang patakaran at kalakaran na muling pinagtibay at muling ipinatutupad sa Timog Katagalugan nitong mga huling buwan. Nakapwesto ang maliit na pwersa ng istap ng *Kalatas*—ang rebolusyonaryong panrehiyong pahayagang masa sa Timog Katagalugan—sa isang sonang gerilya upang makapagsagawa ng gawaing masa at makapag-ayos ng sariling base ng operasyon habang ginagampanan ang gawaing propaganda para sa buong rehiyon.

Nakasanib ang istap ng *Kalatas* sa isang regular na yunit sa gawaing masa (YGM). Laking-iskwad ang magkasanib na pwersa—sapat para magkaroon ng minimum na lakas-tauhan para sa paggampan ng gawaing masa, militar at propaganda. Sa mga panahong kailangang mas magkonsentra ang istap sa pangunahin nilang gawain—ang paglalabas ng *Kalatas*—natitiyak pa rin ng iba pang nasa YGM na hindi napapatid ang gawaing masa sa kanilang saklaw.

Malaki ang naitutulong ng paglubog sa masa at pagsanib



sa YGM sa mga kasama sa Kalatas sa kanilang tuwirang pag-alam sa praktikal na pagkilos ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan sa sonang gerilya. Malaki sa partikular ang naitutulong nito sa wastong pagsasalarawan sa propaganda tungkol sa kongkretong buhay, kalagayan at pakikibaka ng hukbong bayan at masa sa kanayunan. Napupulsuhan at nakikilatis din nila ang mga pagtingin ng masa, ang pangunahing target na mambabasa ng Kalatas, at gayon, napauunlad ang nilalaman at estilo ng kanilang mga sulatin at dibuho.

Gayundin, malaki ang maitutulong nito sa pagtungtong sa lupa, tuluy-tuloy na pagpapanibagonghubog at pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kamulatan at militansya ng mga manunulat sa *Kalatas* na karamiha'y nagmula sa hanay ng petiburgesya.

Sa panahong pangunahing nakatutok ang istap ng *Kalatas* sa gawaing masa, gingampanan nila, kasama ang iba pang myembro ng YGM, ang lahat ng kaakibat na gawain nito—mula sa panlipunang pagsisiyasat, pag-oorganisa at pagbibigay ng pag-aaral sa masa hanggang sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Sa pagkakaroon ng takdang eryang nakikilusan, nakapagpapaunlad rin ang mga kasama sa *Kalatas* ng sariling base para sa operasyon. Mula rito, nakapagpaparami rin sila ng mga ugnay sa mga kanugnog na sentrong bayan. Habang lumalawak ang nakikilusan at nauugnayan ng mga kasama sa *Kalatas*, mas dumarami ang mga aktibista at alyadong mapagkakatiwalaan at nakakatulong sa mga gawain at mas marami ang nagagamit na pasilidad para sa iba't ibang pangangailangan sa paglalabas ng *Kalatas* at pagpatupad ng iba pang gawain.

Sa nakaraang isa't kalahating taon, regular nang nailalabas ang mga *quarterly* (o tuwing tatlong buwan) na isyu ng *Kalatas*, bagamat nahuhuli. Mayroon ding mga espesyal na isyu na nailabas noong nakaraan at kasalukuyang taon.

Gayunman, tinutuklas pa ng istap ang wastong pagbabalanse at pagpapahusay sa integrasyon ng dalawang gawain, upang hanggat maaari ay maiwasang mapagbangga ang mga ito. Malinaw na pangunahing prayoridad ng istap ang mga gawain sa paglalabas ng Kalatas at iba pang gawain sa rehiyunal na propaganda, liban na lamang kung may mahigpit na sitwasyong militar. Samantalang nakabalangkas sa paglahok sa gawaing masa at pagkilos-gerilya ang paggampan ng istap sa mga gawain sa Kalatas, kinakailangan ng mataas na antas ng pleksibilidad sa pagsanib sa YGM at paglahok sa gawaing masa upang hindi naman makalimita ang mga ito sa mga gawain para sa rehiyunal na propaganda.

Pinagsisikapan ng istap na isakatuparan ang mas malaking bahagi ng kanilang gawain sa pagsusulat at paglalabas ng *Kalatas* habang nakasanib sa YGM at hinaharap ang mga limitasyon. Kabilang dito ang pagpaplano at talakayan hinggil sa magiging laman at daloy ng mga artikulo at pagbubuo muna ng mga artikulo sa pamamagitan ng sulat-kamay bago ito ipasok sa kompyuter. Nailulugar din ang pagguguhit at isang antas ng pamamatnugot.

Gayunman, pana-panahong kailangang bumukod ang istap ng *Kalatas* upang harapin ang mga gawaing nangangailangan ng ilang araw hanggang mahigit isang linggong tuluy-tuloy na pagkokompyuter, paggamit ng mga kagamitang nangangailangan ng kuryente at pagtigil sa relatibong istableng lugar. Pana-panahong kailangan ding gumamit ng mga rekurso at serbisyo sa sentrong bayan o syudad, tulad ng *internet*.

Kailangan pa ring lutasin ang kahirapan sa pagkuha ng mga datos, karanasan at mga patakaran mula sa iba't iba pang bahagi ng rebolusyonaryong organisasyon at kilusang masa sa rehiyon—sa mga prubinsya, larangan at puting purok. Kaugnay nito, kailangang pangibabawan pa ang pagkakalimita ng istap sa isang partikular na sonang gerilya at kahirapan sa madulas na pag-ugnay mula rito sa iba pang organo at yunit sa rehiyon para tuwirang makipagtalastasan at makapangalap ng karanasan at impormasyon.

Malalaki pa ang mga hamong kinakaharap ng istap sa rehiyunal na propaganda sa Timog Katagalugan. Marami pang pagpapaunlad na maaari at dapat gawin. Kabilang na rito ang hamon sa napapanahong paglalabas ng mga isyu at mapagpasyang pagreresolba sa mga nabanggit na mga suliranin at usapin.

Puspusang pagtangan at pagpapakahusay sa pakikidigmang gerilya

asinsing nakapakat at aktibo ang kaaway sa pagtugis sa rebolusyonaryong kilusan sa Gitnang Luzon. Tuwirang nakatutok dito ang 7th ID ng Philippine Army (PA). Nasa ilalim ng dibisyong ito ang dalawang brigada ng PA: ang 702nd Bde na kinapapalooban ng 70th IB at 71st IB at ang 703rd Bde na kinapapalooban ng 69th IB at 24th IB. Gumaganap bilang *strike force* ng dibisyon ang 68th IB na nakabase sa Laur, Nueva Ecija.

Erya ng mga operasyon ng 702nd Bde ang kabundukan ng Sierra Madre sa Gitnang Luzon. Nakatutok ang 71st IB sa mga lalawigan ng Nueva Ecija, Bulacan at silangang Pangasinan. Ang 70th IB naman ay nakatuon sa lalawigan ng Aurora, ang tanging lalawigan sa Gitnang Luzon na kinokonsentrahan ng isang batalyon. Nakapakat naman ang 703rd Bde sa mga lalawigan sa paligid ng kabundukang Tarlac-Zambales.

Idinagdag ng kasalukuyang rehimen sa rehiyon ang 54th IB na

hinugot sa hilaga. Responsibilidad na erva nito ang kahabaan ng Dalton Pass sa Nueva Ecija-Nueva Vizcaya.

Sa San Miguel, Bulacan nakabase ang buong pamunuan ng Special **Operations** Command (SOCOM) na siyang namumuno sa Scout Rangers at Special Forces ng PA. Nakakonsentra ang isang kumpanya ng Scout Rangers na nakahimpil sa Balanga, Bataan, ang 34th SR, sa parte ng Manila Bay na nasa Gitnang Luzon. Aktibo rin sa mga operasyong kontrarebolusyonaryo ang tropa ng Air Force na nakabase sa Floridablanca, Pampanga at ang Special Action Force ng PNP sa rehiyon.

Magkakalayo at may kanipisan ang pusisyon ng mga

ang pusisyon ng mga detatsment sa kapatagan samantalang masinsin at makapal naman sa kabundukang tulad ng Aurora.

Patuloy na itinatayo sa Gitnang Luzon ang Citizens' Armed Forces Geographical Unit

(CAFGU). Pandagdag ito sa lakastauhan ng reaksyunaryong militar. Bukod sa ginugugol na pondo para rito ng rehimen, pinopondohan din ng mga pulitiko sa rehiyon ang iba't ibang yunit at pwersa nito para magamit bilang *private army*.

Kasa-kasama rin ng kaaway sa pagtugis sa BHB at sa masa ang mga kriminal at bandidong pangkat sa rehiyon. Ang mga ito ay ang "Rebolusyonaryong Hukbong Bayan" o RHB, ang pangkating Baguisa at ang "Rebolusyonaryong Gerilya sa Arayat" o RGA. Aktibong ginagamit sa paniniktik sa rebolusyonaryong kilusan at sa baseng masa ang mga pangkating ito.

Nananatiling masinsin pakat ng paniktik ng militar sa kabundukan at kapatagan. Nagsasariling nakapakat ang Military Intelligence Group (MIG) sa iba't ibang lugar sa Gitnang Luzon. Sa ahensyang paniktik na ito nakaasa ang mga pwersang impantri ng kaaway. Bukod sa MIG, may sarili ring lambat-paniktik ang mga yunit ng kaaway. Halimbawa nito ang 3rd Intelligence Service Unit (ISU) na tulad ng MIG na kumikilos nang nagsasarili at ang 65th Military Intelligence Company (MICO) na nakapaloob mismo sa mga pormasyong kumpanya ng PA. Aktibo silang nagrerekluta ng mga asset na ipinapaloob sa barrio intelligence network o BIN sa mga lugar na pinaglulunsaran nila ng modified special operations teams o MSOT.

Ipinapasa ng mga yunit pangkombat ang kanilang naipong impormasyon sa yunit-paniktik ng dibisyon. Binubuo ang mga plano ng pag-atake mula sa mga datos na ito. Mabilis na naipatutupad ang planong pang-operasyon dahil sa nakatalagang *strike force* ng dibisyon. Habang lumalarga ang maliliit na operasyong pangkombat ng mga yunit na nasa mga detatsment, nakapaglulunsad naman ng *strike operations* ang dibisyon.

Ibinukas ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang Clark, Subic at iba pang lugar sa Gitnang Luzon para sa mga magkasanib na pagsasanay-militar ng mga tropang Amerikano at Pilipino. Bilang pagsuporta nito sa pananalakay ng US sa Afghanistan, ibinukas din ng rehimen ang Clark at Subic para sa refueling at transit point ng mga sasakyang pandigma ng US.

SA ILALIM NG KASALUKUYANG REHImen, lalong nadagdagan ang dati nang mahabang listahan ng mga paglabag ng reaksyunaryong militar sa karapatang-tao ng mamamayan sa Gitnang Luzon. Paparami ang mga kaso ng pangmamasaker at panananalbeyds sa mga kasapi ng BHB at sa masa. Talamak ang pagdukot, iligal na pagbibimbin, panghaharas, pananakot, panghahalughog, pagpataw ng *curfew* at pambabastos sa kababaihan.

Nararapat lamang ang puspusang pagtuligsa at paglaban ng mamamayan sa Gitnang Luzon sa mga paglabag sa kanilang mga karapatan ng mersenaryong militar. Noong Hulyo, sa pangunguna ng

Central Luzon Aeta Association, makailang beses na nagpiket ang mga taga-Barangay Nabuklod, Floridablanca, Pampanga, upang igiit ang pagpapataalsik sa abusadong 24th IB sa kanilang lugar.

SA HARAP NG MASINSING PAKAT AT tuluy-tuloy na pag-atake ng kaaway sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon, nagpalabas ng mga paalala at mga tungkulin ang komiteng rehiyon sa Gitnang Luzon upang wastong malabanan ang mga bigwas ng kaaway.

Tungkulin ang pagpapakahusay sa pakikidigmang gerilya. Huwag ilalantad ang yunit lalo na sa masasamang elemento. Alamin ang mga nakatira sa paligid ng binabasehan. Iwasan ang pagbababad sa makikitid na lugar at iwasang lumikha ng padron sa pagkilos. Matamang pag-aralan ang pinupwestuhan lalo na sa mga erya ng ekspansyon. Bukod sa maayos na plano ng pagkilos, magbuo ng angkop na planong pandepensa batay sa plastada ng kalupaan, lakas-tauhan at armas. Sa panahon ng laban, matalas na suriin ang kalagayan at laging kunin ang inisyatiba.

Maglunsad ng mga taktikal na opensiba upang malipol nang bahabahagi ang kaaway at makakumpiska ng mga armas. Paghusayin ang gawaing paniktik.

Buuin ang lambat-paniktik kapwa sa eryang konsolidado at ekspansyon. Kailangang malalimang alamin ang kaaway at ang kilos nito. Kasabay ng pagpapaunlad ng ating mga lambat-paniktik, kailangang matukoy ang mga lambat-paniktik Sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, lalong nadagdagan ang dati nang mahabang listahan ng mga paglabag ng reaksyunaryong militar sa karapatang-tao ng mamamayan sa Gitnang Luzon.

ng kaaway at mawasak ang mga ito.

Buuin o higit na palakasin ang mga pangunahing pwersang panlaban sa antas ng rehiyon at prubinsya. Kailangang itayo at tuluy-tuloy at araw-araw na paganahin ang kumand sa antas ng larangang gerilya. Susi sa pagpapakahusay ang walang humpay na mga pagsasanay at pagpapaunlad ng mga dati nang mga kaalaman at pamamaraan, lalo na sa harap ng mga pagbabago sa kalagayan.

Mahalagang salik ang mahusay na paniktik at mga taktika sa paglulunsad ng ilang taktikal na opensiba sa rehiyon.

Matagumpay na nireyd ng BHB sa Front 2 ng Nueva Ecija ang detatsment ng PNP sa Sta. Fe, Nueva Vizcaya noong Nobyembre 2000 kahit pa ito ay nasa labas na ng kanilang larangang gerilya.

Matagumpay ding nadisarmahan ng isang SYP sa hilagang-kanlurang Pampanga noong Hunyo 5 ang mga sundalong Pilipinong umeskort sa mga sundalong Amerikanong kalahok sa magkasanib na pagsasanay ng AFP at US Armed Forces sa ilalim ng VFA.

Kumbinasyon ng kilusang masa at paggamit ng modernong teknolohiya

Sa pakikipanayam kamakailan sa ilang rehiyon, naibahagi ng mga kasama sa Ang Bayan ang ilang mga karanasan kaugnay ng pagpapahalaga sa AB at ng pagtanggap, pagpaparami at pamamahagi nito. Mula rito, nakitang mainit ang pagtangkilik ng mga kasama, masa at mga alyado sa AB. Sa kalakhan ay masigla ang gawain sa pagpaparami, pagpapalaganap at pag-aaral dito. Gayunpaman, ibayong mapapahusay ang gawain ng pagpaparami at pagpapalaganap ng AB kung mahaharap ang ilang problemang dapat lutasin. Sa layuning makahalaw ng mga aral, ilalahad rito ang mga karanasan sa gawaing ito ng iba't ibang organo at yunit.

Mabilis na paglalabas at pagpapalaganap ng Ang Bayan sa pamamagitan ng internet. Mas madalas at mabilis ngayon ang paglalabas ng AB upang makasabay ang pampulitikang pamumuno ng Partido sa mabilis na kumpas ng mga pangyayari sa lipunan at rebolusyon. Tungo rito, mabisang nagagamit ang internet upang ang mga inilalabas na isyu ng AB at iba pa nating rebolusyonaryong propaganda ay kaagad na nakukuha saan mang dako ng bansa at daigdig na naaabot ng internet.

Kalakhan ng mga rehiyon at namumunong organo at maging ilan sa mga komite at istap sa antas ng prubinsya at larangan ay mayroon nang kakayahang kumuha ng sariling kopya mula sa *internet*. Kagyat nila itong napararami at naipamamahagi sa ibang yunit. Ilan na lamang ang umaasa sa lihim na linyang pangkomunikasyon ng Partido para sa mga kopya nila

ng AB. Kahit sa mga ito, may direksyong paunlarin, hanggang sa antas ng mga larangan, ang kakayahan ng mga pwersa at yunit na gamitin ang *internet* sa maingat at ligtas na paraan.

Iba't ibang paraan ng pagpaparami ng **AB.** Ang pag-iimprenta ng AB at iba pang rebolusyonaryong propaganda ay ginagawa sa iba't ibang paraan batay sa kakayahan, rekurso at kalagayan ng mga yunit ng Partido, hukbong bayan at mga organisasyong masa. Napagkukumbina ng mga kasama at masa ang paggamit ng modernong paraan para sa mabilisan, maramihan at mataas na kalidad sa pagpaparami at ang paglulunsad ng kilusang masa para sa tiyak, ligtas at simpleng pagpaparami ng kahit maliit na yunit sa pinakabatayang antas. Pinararami ang AB sa pamamagitan ng v-type, makinang mimeograph, photocopier, computer printer at mga imprentang offset at digital duplicator (mas kilala bilang Riso).

lang may ilang yunit na gumagamit na ng a b a n t e n g paraan sa pagiimprenta, v-type at makinang mimeograph ang pangunahing ginagamit upang paramihin ang AB, Silyab (rehiyunal na rebolusyonaryong pahayagang masa) at iba pang rebolusyonaryong propaganda. Ang v-type ay binubuo ng silkscreen

Sa Kabiku-

lan, samanta-

na inunat sa kwadrong kahoy at

ginagamit sa pamamagitan ng manwal na paghagod ng tinta sa istensil na ikinakabit dito. Dahil karamihan sa mga yunit ng BHB sa rehiyon ay may kakayahan at rekurso para sa ganitong sistema ng pag-iimprenta, ang tungkulin sa pagpaparami ay mabisa at mabilis na nagagampanan sa malawak na hanay ng organisasyon at nagreresulta sa dami ng kopyang sapat para sa Partido, mga yunit ng BHB at organisadong masa.

Susi sa pagpaparami ng AB at iba pang rebolusyonaryong propaganda sa pamamagitan ng ganitong teknolohiya ang masiglang partisipasyon ng masa. Kalakaran na ang pagtutulungan ng hukbo at masa sa iba't ibang bahagi ng pagpaparami ng mga nakasulat na propaganda. Mula ito sa pagbili ng mga suplay, aktwal na paghahagod, pagtiyak sa seguridad habang nag-iimprenta, hanggang sa pamamahagi ng mga babasahin sa mga kasama at pwersa ng hukbong bayan, masa at mga alyado. Malaki ang naitutulong ng mga guro, mga propesyunal at iba pang naguupisina na nakatira sa kanayunan sa pagbili ng papel, istensil at tinta at sa paghiram ng makinang mimeo*graph* sa mga paaralan.

Sa ibang rehiyon, pinararami ang AB at iba pang rebolusyonaryong babasahin sa pamamagitan ng mga komersyal na imprentang offset na pag-aari ng mga alyado o pinatatakbo ng mga organisadong manggagawa. Sa isang rehiyon, may lambat ng mga imprentang salit-salitang ginagamit ng mga kasama. Sa pamamagitan ng ganitong sistema, mas mabilis ang pagpaparami at natitiyak na mas

malinis at kaiga-igayang basahin ang mga kopya. Marami na ring rehiyon ang gumagamit ng *digital duplicator*.

Sa kalunsuran ng karamihan ng mga rehiyon, karaniwan ang paggamit ng makinang mimeograph, photocopier at computer printer. May ilang gumagamit na rin ng imprentang offset at digital duplicator para sa sa maramihang pag-iimprenta. Pinararami rin ng mga indibidwal na kasapi ng Partido, mga alyado at kaibigan ang mga rebolusyonaryong babasahin sa pamamagitan ng mga photocopier o computer printer sa kanilang mga upisina o eskwelahan. Ipinamamahagi ito nang paisa-isa sa kanilang mga kaibigan, kaklase o kaupisina.

Mabilis na pamamahagi ng mga kopya ng AB sa mga sonang gerilya. Sa pamamagitan ng malawak at masiglang kilusang masa, matagumpay na nakapagbreyktru ang isang rehivon sa suliranin ng mabagal na sentralisadong pamamahagi ng mga kopya ng AB at lokal na rebolusyonaryong pahayagan sa batayang antas ng Partido, hukbong bayan at mga organisasyong masa. Mula sa mga unang binabagsakan ng mga kopya mula sa imprenta, isinasabalikat ng mga aktibistang masa ang buong gawain sa pagtitiyak na ligtas at mabilis ang pagpaparsela, pagbibyahe at pamamahagi ng libu-libong kopya ng mga rebolusyonaryong pahayagan hanggang makaabot ang mga ito sa lahat ng mga yunit ng Partido at hukbong bayan sa mga prubinsya, larangan at seksyon at sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa mga kinikilusang baryo. Maging ang paghahatid sa mga kopya nito sa mga alyado at masmidya ay isinasabalikat ng mga aktibistang masa. Marami ring mga drayber at konduktor ng mga sasakyang pampasahero ang naaasahan sa pagiingat, pagbibyahe at paghahatid ng mga parsela. Sa loob lamang ng tatlong araw, agad na natatapos ang buong proseso ng pamamahagi.

Mahalagang mapag-aralan ng iba't ibang rehiyon ang karanasang ito upang makita kung paano makapagpapatupad ng katulad nito ayon sa kani-kanilang kalagayan.

AB, materyal para sa pag-aaral. Mainit ang pagtangkilik sa AB bilang mahalagang kasangkapan sa pagaaral sa pagsusuri at paninindigan ng Partido sa mga tampok na isyu at gabay sa pagkilos ng mga kasama at rebolusyonaryong masa.

Regular na aktibidad ng mga yunit ng hukbo ang pormal na pag-aaral ng buu-buong isyu o kaya'y mga piling artikulo ng AB. Nagsisilbing instrumento ang AB sa konsolidasyon ng Partido hanggang sa batayang antas. Sa pamamagitan ng mas madalas ngayong paglalabas (buwanan), higit na nakapagsisilbi ang AB sa pagsubaybay at pagsusuri ng mga mambabasa sa mga isyu at takbo ng pulitika sa bansa at mga pangyayari sa daigdig. "Damangdama ang pamumuno ng Partido sa rebolusyon at sa kilusang masa, at nagsisilbi itong giya sa mga kasama," anang ibang kasama.

Tinukoy din ng mga kasama na nakapagpasigla at nakapagpadali ng pagbabasa ang mas kaiga-igayang presentasyon ng *AB*. Inihalimbawa nila ang pag-igsi ng mga artikulo, pag-igsi ng mga pangungusap at


pagiging ilustratibo at kawili-wili ng mga drowing.

Sa rehiyong Ilokos-Kordilyera, ang *AB* ay ginagamit din bilang materyal para sa mga pagsasanay sa literasiya ng mga kasama. Pinapipili ang mga estudyante ng gusto nilang artikulo at ito ang ginagamit sa pagsasanay. Ang mga drowing ay ginagamit naman ng maraming instruktor bilang biswal sa iba pang mga pag-aaral.

Sa parehong rehiyon, palaging tinitiyak ng mga organong teritoryal na ang mga guro sa teritoryong saklaw nila at kanugnog na puting purok ay nabibigyan ng mga kopya ng *AB*. Ginagamit ng mga guro ang *AB* bilang sanggunian sa pagtuturo. Madalas na ring natatagpuan ang mga kopya ng *AB* sa mga silidaklatan ng ilang paaralan.

Pagpapalaganap ng mga nilalaman ng AB sa mga lokal na istasyon ng radyo at lokal na pahayagan. Sa Cagayan Valley, ang ilang mga artikulo sa AB ay buung-buong ibinobrodkas sa ilang istasyon ng radyo na napakikinggan sa malawak na bahagi ng Hilagang Luzon at maging sa buong bansa. Tampok dito ang pagpapalaganap sa lokal na radyo ng espesyal na isyu ng AB noong Hulyo tungkol sa pagpapataw ng parusang kamatayan sa pasistang si Col. Rodolfo Aguinaldo. Buu-buo itong sineryalisa sa Bombo Radyo at isinahimpapawid sa lahat ng mga istasyon nito sa buong Pilipinas.

Bukod rito, may dalawa pang lokal na pahayagan na pana-panahong naglalathala ng mga buu-buo ring artikulo mula sa *AB* at mga pahayag mula sa iba pang pambansa at panrehiyong organo ng Partido Komunista ng Pilipinas.



Mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao (Hulyo-Oktubre 2001)

Oktubre 21. Tinortyur at sinal-beyds ng pitong nagpapatrulyang tropa ng pinagsanib na PNP-SAF 1st Bn at PNP-Region 4 sa pamumuno ni Insp. Erickson Dilag ang apat na sibilyan sa Sityo Casunugan San Isidro, Barangay San Jose, Antipolo, Rizal sa paratang na sila ay mga Pulang mandirigma. Ang mga biktima, na nangangaso sa gubat nang sila'y '

sa gubat nang sila'y patayin, ay sina Raul Magisa, 40; Emiliano de la Rosa, 46; ang anak niyang si Reynaldo, 26; at Domi-

nador Anacleto, 30, pawang mga residente ng Antipolo. Lahat sila ay binaril nang malapitan, basag ang mga bungo, may mga saksak at taga sa katawan at bali ang mga buto sa daliri. Nang maipit sa pangyayari, nag-imbento ng mga paratang ang PNP at ipinagyabang ang kinumpiska nitong apat na shotgun, na sa aktwal ay ginamit ng mga biktima sa pamamaril ng baboy damo.

Oktubre 17 at 18. Muling lumalaganap sa Davao City ang pagsalbeyds ng mga grupong vigilante sa mga pinaghihinalaang kriminal. Pinatay noong Oktubre 17 sa Davao City ng mga nakamotorsiklong vigilanteng sina Sammy Jagonos at Wiseley Castrudes, kapwa 17 anyos, at kinabukasan, si Felcris Serojales, 19. Tinuligsa ng may 300 kasapi at tagasuporta ng Kabiba Alliance for Children's Concerns ang pagpatay sa tatlo kasabay ng paggunita sa alaala ng iba pang kabataang pinatay sa lunsod ng Davao mula 1995.

Oktubre 13. Pinatay sa San Carlos, Bukidnon sina Ananias Tahuyan, 50, at Rodolfo Dazing, 42, tagasuporta at myembro ng San Luis Bukidnon Native Farmers' Association na nakikipaglaban para sa karapatan nila sa lupang ansestral ng mga Manobo. Pinakahuli lamang ito sa sunud-sunod na pagpaslang sa mga kasapi ng mga organisasyon ng mga Manobo. Noong maagang bahagi ng Setyembre, pinatay si Samuel Bento, pinuno ng Tribal Organization of San Jose sa

PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO



Maramag, Bukidnon. Noong Setyembre 27, pinagbabaril ang bahay ni Datu Marcial Tahuyan, kapatid ni Ananias. Malubhang nasugatan sa pamamaril ang asawa ni Ananias na si Virginia. Noong unang linggo ng Oktubre, pinagbantaan ng isang upisyal ng gubyernong babarilin ang mga minorya kung ipagpapatuloy ang kanilang pakikipaglaban.

Oktubre 9. Marahas na binuwag ng may 70 armado at de-batutang pulis ng Philippine Economic Zone Authority ang piketlayn ng limang buwan nang nagwewelgang mga manggagawa ng Triple Eight Garments Manufacturing Corp. na karamiha'y kababaihan. Ang Triple Eight Garments ay nasa Cavite Export Processing Zone sa bayan ng Rosario. Una'y tinangkang buwagin ng mga pulis ang barikada ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpapalusot dito ng mga eskirol na nakasakay sa van at motorsiklo. Nang di matinag ang mga nakabarikada, binomba sila ng tubig. Nabigo pa rin ito hanggang ipawasak ng mga upisyal ng kumpanya ang mga barung-barong ng mga manggagawa. Walong kababaihan ang nasugatan.

Oktubre 9. Dinakip ng Bulacan PNP sina Robert Veterbo, Nonato



de Guzman, Virgilio Valdez, Igmidio Villanueva, Faustino Isidro, Bobet Francisco at Teodoro Flores sa Barangay Calumpang, San Miguel. Pinaratangan ng PNP ang pito na mga kasapi ng BHB samantalang pawang mga magsasaka sila sa naturang barangay.

Oktubre 8. Marahas na binuwag



ng may 40 pulis kabilang ang mga elemento ng Special Weapons and Tactics, at mga gwardya ng

Department of Agrarian Reform (DAR) ang piket ng mga magsasakang kabilang sa Task Force Mapalad-Negros sa tapat ng DAR sa Quezon City. Hinihintay ng mga magbubukid si DAR Sec. Nani Braganza na nangakong makikipagdayalogo sa kanila nang buwagin ng mga pulis at gwardya ang kanilang hanay. Maraming manggagawang bukid ang nasugatan sa marahas na dispersal.

Oktubre 8. Pinaslang ng mga elemento ng Task Force Banahaw ang isang Mangyang kinilala bilang Lando Cabagay, 40, ang kapitan ng Barangay Bonbon, Mansalay, Oriental Mindoro, at lider ng Bayan Muna na si Roger Fernando. Sa parehong linggo, dinakip naman ng mga sundalo ng 204th Infantry Brigade si Rigmay Maranggat, lider ng Samahang Pantribo ng mga Mangyan sa Mindoro, habang namamalengke sa bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.

Setyembre 20. Inambus at pinaslang sa Tartaro, San Miguel, Bulacan ng mga tropa ng 1st Scout

Ranger Regiment at 56th IB ng Philippine Army si Wilfredo Mananghaya, tagapangulo ng Bayan Muna sa San Miguel at myembro ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Bulacan. Kabilang siya sa mga tumututol sa *quarrying* at iligal na pagtotroso sa naturang bayan.

Setyembre 7. Pinaslang at nilapastangan ng mga CAFGU at Marines ang bangkay ni Ibno Mallaji, isang magniniyog na pinaghinalaang myembro ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa Sumisip, Basilan. Patungo siya sa moske nang hulihin ng mga tropa. Matapos makuhanan diumano ng ID ng MILF, kinaladkad siya sa isang kubo, itinali sa bato, kinulata, ipinako ang mga hita, tinadtad ng itak ang mga balikat at binaril sa noo. Sinunog pa ng mga pasista ang kanyang bangkay. Ang pamilya ni Ibno ay kabilang sa 78,736 mamamayang pinalayas sapul nang maglunsad ng mga "pag-atake" ang AFP laban sa Abu Sayyaf. Kaugnay ng mga paglabag sa karapatangtaong ito ang iligal na pag-aresto sa 59 Moro at pagsalbeyds sa siyam na iba pa. Isa sa mga pagsalbeyds ay ginawa mismo sa loob ng isang istasyon ng PNP sa Basilan.

Kaugnay din nito, noong huling bahagi ng Agosto ay pwersahang pinalikas, minortar at ninakawan ng mga naturang sundalo ang mamamayan ng Irreley, Guiong, Sumisip, Basilan.

August 20. Habang nagsasagawa ng demolisyon bandang 10:30 ng gabi sa isang maralitang komunidad sa bayan ng Dasmariñas, namaril

PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO



ang mga gwardya ng security agency na pag-aari ni Gob. Ayong Maliksi ng Cavite. Tatlong sibilyan ang napatay kabilang ang buntis na si Marilyn Mil at apat na iba pa ang nasugatan sa 500 pamilyang pwersahang napalikas ng madugong demolisyon.

Agosto 9-10. Dinukot at sinalbeyds ng mga sundalo ng 22nd Special Forces Company si Johnny Kamareg, 55 taong gulang, isang magsasaka, sa Betwagan, Sadanga, Mountain Province. Dinukot siya noong Agosto 9. Noong Agosto 11 ay natagpuan ang kanyang bangkay sa isang kanal malapit sa kanyang sakahan. Pinalabas ng militar na isa siyang Pulang mandirigma na napatay sa engkwentro sa pagitan nito at ng BHB.

Agosto 6. Dinemolis ng mga



elemento ng Special Weapons and Tactics at ng 40-kataong tim sa demolisyon ang mga bahay

ng humigit-kumulang 50 pamilya sa Indang, Cavite.

Hulyo 31. Walang pakundangang pinaputukan ng mga elemento ng 5th SFC ng 4th SFBn sa pamumuno ni MSgt. Rolando Austria ang bahay ng sibilyang pinaghihinalaang hinihimpilan ng isang yunit ng BHB sa Sityo Malasena, Barangay Tala, Rizal, Laguna. Dito'y nasawi sina Merly Guia Ybañez na pitong

buwang buntis sa kambal niyang dinadala at ang limang taong gulang na anak niyang si Christian.

Hulyo 26. Pinalayas sa kanilang mga tahanan ang may 300 pamilya mula sa Pabahay 2000 sa General Trias, Cavite. Hulyo 22. Pinag-

babaril hanggang sa mapatay ng mga kasapi ng Philippine Army si Milagros Belga, 41, isang *volunteer worker* ng Karapatan, sa harap ng kanyang pamilya sa kanilang tahanan sa Magdalena, Laguna. Nang mag-

Magdalena, Laguna. Nang magusisa ang Karapatan sa Philippine Army, pilit nitong pinalilitaw na nakikipagtulungan sa kanila ang naturang ginang at ibinintang ang pagpatay dito sa BHB.

Hulyo 10, 2001, madaling araw. Pinagbabaril ng mga elemento ng 417th PPMG at 1st IB ang bahay ni Armando Arellano sa Igang, Lucban, Quezon. Napatay si Arellano, nasugatan ang asawa niyang si Myrna (may tama sa likod at balikat) at gayundin ang dalawa niyang anak na babae (Jocelyn, 14 taon, may tama sa kanang hita; at Rochelle, walong taon at may tama sa pigi). Pinalalabas ng militar na isang Pulang mandirigma ang pinatay nilang sibilyan.

Hulyo 7 at 11. Iligal na inaresto at binimbin ng PNP hanggang Agosto 10 sina Eduardo Cacayuran (hinuli noong Hulyo 7) at Avelino Dacanay (hinuli noong Hulyo 11) sa Bangued, Abra sa bintang na sangkot sila sa pagpatay kay Conrado Balweg.

Pagpatay sa mga hors d combat

Agosto 1. Dalawang Pulang mandirigma ang tinortyur at sinalbeyds nang makubkob sila sa Barangay Montelago, Naujan, Oriental Mindoro. Tinangka ring barilin ang isang kabataang naghudyat ukol sa presensya ng kaaway. Si Eman Florendo (Ka Minervo) ay nahuli nang buhay ng mga tropa nina Major Capote at 1Lieutenant Fortuno ng pinagsanib na 2nd Scout Ranger Coy at MIG 14. Pinagsisipa, kinulata, kinaladkad sa batuhan at ibinilad siya sa init ng araw habang nakababad ang kanyang katawan sa tubig lawa. Binaril siya sa dibdib. Si Erwin Bacarra (Ka Elre) naman na tinamaan lamang sa paa at wala nang laban ay tinadtad pa ng bala. Sa autopsy ay natuklasang binasag pa ang kanyang ari. Pagkapatay sa mga kasama, animo'y hayop na isinako ang mga bangkay nila. Planong ipahila lamang sa halip na isakay sa bangka ang mga bangkay subalit napigilan ito ng mga taumbaryo.

Hulyo 31. Pinatay ng kaaway si Herman de Castro (Ka Edwin) matapos itong dukutin mula sa San Pablo Community Hospital habang nagpapagamot. Si Ka Edwin ay nasugatan sa braso sa labanan sa pagitan ng BHB at isang platun ng Back to Basics Class 01-01 sa Sta. Lucia, Nagcarlan, Laguna noong Hulyo 31. Agad siyang dinala sa ospital ng mga kasama. Noong Agosto 1, kinuha siya sa ospital nina Lt. Col. Danilo Leyva at Sgt. Rodolfo de Guzman ng Task Force Banahaw upang dalhin umano sa ospital sa Fort Bonifacio. Ang mga papeles na





Naghuhuramentado ang mga terorista at mersenaryong AFP at PNP ni Macapagal-Arroyo sa kanayunan

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas

Angua terorista at mersenaryong Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) na alagang-alaga at mahal na mahal ni Gloria Macapagal-Arroyo ay walang habas na naghahasik ng lagim sa kanayunan ng buong bansa. Higit na makahayop at ibayong mas karumal-dumal ang mga pamamaslang at iba pang anyo ng mga operasyong militar na inilulunsad ngayon ng AFP at PNP laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sa Moro Islamic Liberation Front-Bangsamoro Islamic Armed Forces (MILF-BIAF). Subalit ang higit na nagtatamasa ng ibayong pinsala sa buhay at ari-arian at walang habas na mga paglabag sa karapatang-tao ay ang mga ordinaryong mamamayang pinaghihinalaan ng mga terorista ni Macapagal-Arroyo na baseng masa ng hukbong bayan.

Sa bawat operasyon ng AFP at PNP, tinitiyak ng mga ito na may nadadamay na sibilyan sa layuning maghasik ng lagim sa mamamayang nagsisilbing dagat na languyan ng mga gerilya ng bayan. Maging sa hibang na *all-out war* ni Macapagal-Arroyo (na sinimulan pa ni Estrada)

laban sa bandidong Abu Sayyaf, ang nagtatamo ng pinakamatinding pinsala ay ang walang kalabanlabang mga sibilyang Moro, lumad at Kristyano sa mga lalawigan ng Basilan, Sulu at ilang bahagi ng Zamboanga.

Sa kanayunan ng Timog



Katagalugan, tila ibinubuhos ng naghuhuramentadong AFP at PNP ni Macapagal-Arroyo ang kanilang karumal-dumal na pamamaslang ▶

■ dala-dala nila para mailabas si Ka Edwin ay sapilitang pinalagyan ng kanyang thumbmark (marka ng hinlalaki). Hindi dinala si Ka Edwin sa Fort Bonifacio. Noong Agosto 3 ay natagpuan ang kanyang bangkay sa Funeraria Guevara sa San Pablo City.

Hulyo 26. Pinabayaan ang sugatang si Ka Miro (Dino Noroña, isang mandirigmang tubong Sta. Cruz, Laguna at anak din ng isang retiradong upisyal militar) matapos ang labanan sa pagitan ng BHB at

mga elemento ng 59th IB sa Sityo Pulong Bestre, Barangay Tungkod, Sta. Maria, Laguna. Hindi malubha ang sugat na natamo niya sa labanan subalit napag-alaman na lamang makalipas ang ilang araw na siya'y namatay.

PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO



nabibihag at naging hors de combat na o nawalan na ng kakayahang lumaban. Ayon sa CARHRIHL (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law) at sa itinataguyod nitong pandaigdigang mga batas ng digma, ang mga bihag ay dapat gamutin at alagaan ng mga nakabihag sa kanila. Maging ang mga inosenteng sibilvang pinaghihinalaang mga tagapagtaguyod ng BHB ay nagiging biktima rin ng mga karumal-dumal na pananalanta at pamamaslang sa kamay ng mga terorista at berdugo ng gubyerno.

Ang mga ito ay malinaw na mga palatandaan na isang sistematikong patakaran ng reaksyunaryo't mersenaryong AFP sa ilalim ng rehimen ni Macapagal-Arroyo ang sadyang paghahasik ng lagim sa pamamagitan ng mga kontra-rebolusyonaryong kampanyang tinatawag nila ngayong Internal Security Operations (ISO).

Kahit na ipinangalandakan ni Macapagal-Arroyo na papalitan nito ng "all-out peace approach" ang all-out war policy ng pinatalsik na si Estrada, malinaw mula sa datos ng mga pangyayari na ipinagpapatuloy nito at lalo pang pinatindi ang pananalakay ng kanyang mersenaryo at teroristang AFP at PNP sa mga larangang gerilya ng BHB.

Ipinagpapatuloy ng AFP ni Macapagal-Arroyo ang sinimulan ng rehimeng Estrada na Internal Security Operations bilang pangunahing sangkap ng kontrarebolusyonaryong kampanyang tinatawag ngayong Campaign Plan Balangai. Ang kontra-rebolusyonaryong kampanyang ito ay mahigpit na naiimpluwensyahan ng oryentasyong "Back To Basics" at iba pang doktrinang pang-operasyong binalangkas sa US. Ang oryentasyong "Back To Basics" ay walang iba kundi ang lantay-militar na reoryentasyon ng doktrina ng AFP at PNP sa kontra-rebolusyonaryong kampanya at mga operasyon nito tungo sa paggamit ng pinakabrutal na pasistang anyo ng pagsupil sa mga rebolusyonaryong pwersa at mga sibilyang pinaniniwalaang kapanalig ng, o kumakandili sa, rebolusyonaryong kilusan—ang pagbabalik sa pinakamalagim na paraan ng panunupil na ipinatupad ng AFP noong pasistang paghahari ng diktador na si Marcos. Isinaisantabi na nito ang mga gawaing pang-sibilyan (tulad ng Civilian Military Operations, tipong-SYP na Special Operations Teams, bahaging "development" ng Clear-Hold-Consolidate-Develop at mga katulad nito). Lubos na inalis na nila ang oryentasyong "winning people's hearts and minds" (pagkabig sa puso at isip ng mamamayan). Trabaho na umano ito ng mga sibilyang ahensya. Ang trabaho raw ng AFP ay tanging sa paglaban. Ang gusto nilang mga tipo ng laban ay yaong nagpapakita ng kanilang superyoridad sa militar. Wala na rin silang pakundangan

kung may madamay na sibilyan dahil bahagi lamang diumano ito ng gera. Bahala na sa mga madadamay ang mga sibilyang ahensya.

Wala pang isang taong nanunungkulan si Macapagal-Arroyo, pinakawalan na nito ang bangis ng buong makinarya ng AFP sa higit na karumal-dumal na mga paglabag sa karapatang-tao at pananalakay sa mamamayan. Gayong napakaiksing panahon pa lamang itong nakauupo sa poder, higit na masahol ang mga nagaganap na paglabag na ito kaysa sa panahon ni Estrada. Ganito ang paraang alam ni Macapagal-Arroyo para bayaran ang kanyang utang na loob sa mga mamamayang nakibaka para patalsikin si Estrada at nagbigay-daan tungo sa kanyang pagkaluklok bilang pangulo ng bansa.

At ang mersenaryo, reaksyunaryo at tigib-ng-katiwalian na AFP at PNP, na mahal na mahal at palaging nasa prayoridad ni Macapagal-Arroyo (sa badyet at mga promosyon) ang kanyang pangunahing instrumento sa pananalakay at terorismo laban sa sambayanan. Kagaya rin ng bandidong Abu Sayyaf, ang AFP at PNP ang mga tunay na terorista. Pagkakaiba nga lamang ng Abu Sayvaf sa kanila—ang pangunahing target nito ay iyong mga may kakayahang magbayad ng ransom (pantubos) habang ang pangunahing binibiktima ng mersenaryo at teroristang AFP at PNP ay ang naghihikahos na masang anakpawis. AB



ISTASYON NG PNP, DETATSMENT NG MILITAR SA AGUSAN SUR, SINALAKAY

Nireyd nitong Oktubre 8 ng 25 Pulang mandirigma sa ilalim ng Fr. Frank Navarro Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang himpilan ng PNP sa Doa Maxima, San Luis, Agusan del Sur at isang kalapit na detatsment ng Philippine Army. Ayon sa Lingkawas, rebolusyonaryong pahayagang masa sa Hilaga-Silagang Mindanao, matagumpay na naisagawa ang reyd sa himpilan ng PNP sa loob ng 20 minuto nang hindi man lamang nagpapaputok ang BHB. Pagkatapos nito ay tumungo ang BHB sa detatsment ng militar na noo'y walang bantay.

Sinimulan ang reyd sa istasyon ng PNP sa pagdisarma ng mga Pulang mandirigma sa mga gwardya sa labas habang ginaganap ang flag ceremony. Pagkatapos nito ay mabilis na pinaligiran ng BHB ang istasyon at dinisarmahan ang iba pang tropa ng PNP. Nasamsam mula sa istasyon ng PNP ang siyam na M16, dalawang M14, dalawang .45, isang pistolang 9 mm, mga bala, isang kamera at isang radyong pangkomunikasyon.

Hindi kaagad nakapagtawag ng reimporsment ang mga nadisarmahang pulis dahil kinumpiska rin ng mga Pulang mandirigma ang gamit pangkomunikasyon sa himpilan.

5 SUNDALO PATAY, 2 SUGATAN SA AMBUS SA BUKIDNON

Limang sundalo ang napatay at dalawa ang sugatan nang tambangan ng mga gerilya ng BHB ang isang platun ng 10th Special Forces Company ng Philippine Army. Kabilang sa mga napatay ang mismong kumander ng naturang kumpanya na si Capt. Apollo Palasula. Nagpapatrulya ang mga sundalo nang ambusin sila sa Upper Balaas, Barangay Mabuhay, San Fernando, Bukidnon nitong Oktubre 27.

HEPE NG PNP TARLAC, INAMBUS NG BHB

Matagumpay na inambus ng BHB ang hepe ng Police Mobile Group ng prubinsya ng Tarlac na si Chief Supt. Arturo Tabustan nitong Oktubre 29. Papunta si Tabustan sa kanyang upisina nang tambangan ng mga Pulang mandirigma sa La Paz, Tarlac, bandang alas-7 ng umaga ng araw na iyon.

PLANTASYONG MULTINASYUNAL PINARUSAHAN

Pinarusahan ng BHB nitong Oktubre 20 ang Stanfilco, isang dambuhalang plantasyon ng mga saging na pang-eksport, sa Barangay Buhay, Makilala, North Cotabato. Ang Stanfilco ay pag-aari ng Dole Philippines, isa sa pinakamalalaking multinasyunal na pang-agribisnes sa buong mundo. Sinunog ng BHB ang isang bodegang may lamang 80 kahon ng mga saging na pang-eksport, tatlong timbangan at isang traktora.

MAJOR NG AFP, PATAY SA SARILING REYD SA NUEVA ECIJA

Isang upisyal ng AFP ang namatay matapos niyang pamunuan ang pagkubkob sa hinihimpilan ng mga Pulang mandirigma nitong Oktubre 8 sa Barangay Conversion, Pantabangan, Nueva Ecija.

Malubhang nasugatan hanggang sa tuluyang namatay si Maj. Roger Eligino, upisyal sa operasyon at paniktik ng 54th IB at myembro ng Philippine Military Academy Class 1984.

Matapos mamatayan ng pinuno, nagwala ang mga kawal ng $54^{\rm th}$ IB at pinagbalingan ng galit ang mga mangingisda sa naturang barangay.

NDFP, BUMATI SA IKA-73 ANIBERSARYO NG COMMUNIST PARTY OF PERU-PATRIA ROJA

Binati ng NDFP ang Communist Party of Peru (Patria Roja o Red Fatherland) sa ika-73 anibersaryo nito nitong Oktubre 7. Ayon sa pahayag ng NDFP, walang pinag-iba ang sitwasyon sa Peru at Pilipinas. Ang mamamayan ng dalawang bansa, anito, ay kapwa nag-aadhika na magtagumpay na ang pambansa-demokratikong rebolusyong tumatanaw sa sosyalismo, gayundin ang paglaban sa imperyalismong US. Pinuri ng NDFP ang mga komunistang Peruvian sa matatag na pagsusulong ng rebolusyon.

MGA BALITA

MGA MAGSASAKA AT MANGINGISDA, KUMILOS LABAN SA WTO

INILUNSAD NG KILUsang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang "Buwan ng

mga Magsasaka" ngayong Oktubre sa pamamagitan ng serye ng mga aksyong masa sa buong kapuluan na tumuligsa sa imperyalismo bilang dambuhalang salot sa mga magsasaka't mangingisda.

Sa Metro Manila, tangan ang islogang "JUNK WTO", naglunsad ng isang demonstrasyon ang halos 2,000 myembro ng KMP, Pambansang Samahan ng mga Mamamalakaya (PAMALAKAYA) at iba pang mga grupong magsasaka mula sa Cagayan Valley, Gitnang Luzon at Timog Katagalugan nitong Oktubre 18 sa tapat ng tanggapan ng Department of Agriculture (DA). Tinutulan nila ang masugid na pagsunod ng Pilipinas sa mga patakaran ng World Trade Organization (WTO) na nagreresulta sa dislokasyon ng daan-daan libong magsasaka't mangingisda, nagsisilbing banta sa seguridad sa pagkain ng bansa, kumikitil sa lokal na produksyon sa agrikultura at nagdudulot ng iba pang anyo ng pasakit sa mga magbubukid.

Kinabukasan, nagmartsa patungong Morayta ang mga magsasaka upang sumanib sa mas malaki pang bilang ng multisektoral na pormasyon. Tumuloy sila papalapit sa Malakanyang at itinambol ang pagtutol sa WTO at ang panawagan para sa pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo. Pagkatapos, dumiretso ang mga nagmartsa sa embahada ng US upang iprotesta

ang imperyalistang pandarambong at ang digmang agresyon laban sa Afghanistan.

Nitong Oktubre 18 at 19, inilunsad rin ang ikalawang Church Peasant Conference kung saan sa kauna-unahang pagkakatao'y aktibong lumahok ang mga obispo, pari't madre ng Kamaynilaan sa pagtalakay ng mga isyung kinakaharap ng mga magsasaka sa bansa.

Nagdaos din ng mga aksyong masa ang mga magsasaka, mangingisda at iba pang mga sektor sa iba't ibang rehiyon:

Cagayan Valley. Naglunsad ng Dalawang Linggong Protesta ng mga Magsasaka ng Cagayan Valley Laban sa Pangangamkam ng Lupa, Militarisasyon at Imperyalistang Pandarambong sa Agrikultura.

Nitong Oktubre 10, ginanap sa Barangay Sta. Maria, Cauayan, Isabela ang dayalogo ng Anti-Coal Mining Movement of Isabela, DENR at lokal na gubyerno hinggil sa panibagong iskema ng pagmimina ng karbon sa mga bayan ng Cauayan, Benito Soliven at Naguilian, Isabela. Sa dayalogo na dinaluhan ng mahigit 350 magsasaka, guro, estudyante at taong simbahan mula sa tatlong bayan, muling inirehistro ng mamamayang Isabeliño ang pagtutol sa mapanirang proyektong ito.

Nitong Oktubre 16, nagdaos ng rali ang mga 500 taong simbahan, magsasaka at iba pang militante laban sa pagtatanim ng Monsanto (isang imperyalistang kumpanyang agribisnes) ng Bt-corn sa Isabela. Sinundan ito ng mobilisasyon nitong Oktubre 23 sa tapat ng mga upisina ng DAR at DENR na dinaluhan ng 1,000 katao.

Inilunsad rin ang Unang Kongreso ng Danggayan dagiti Mannalon ti Cagayan Valley (Danggayan CV) noong Oktubre 20-22 sa St. Ferdinand College, Ilagan, Isabela. Dinaluhan ito ng 45 na mga delegado mula sa Cagayan, Isabela at Nueva Vizcaya. Nakipagdayalogo rin ang 15 lider magsasaka ng Danggayan CV sa mga upisval ng pambansang upisina ng DAR at DENR. Naghapag sila ng 11 matitingkad na kaso ng problema sa lupa. Kabilang dito ang malawakang pangangamkam ng lupa sa Sandoval Estate, Hacienda San Antonio-Sta. Isabel, Cagayan Economic Processing Zone Authority, Dimzon-Zulueta Estate at Roque Estate; at ang patuloy na pagkait ng karapatan sa lupa ng mga magsasaka sa malalaking asyenda sa Benito Soliven at Roxas, Isabela at sa Sto. Niño at Baggao, Cagayan.

Nagrurok ang kampanyang magbubukid sa Cagayan Valley sa isang piket-rali at dayalogo sa DAR at DENR Region 2 na ginanap sa Tuguegarao City nitong Oktubre 23. Mahigit sa 120 na mga magsasaka mula sa Cagayan, Isabela at Nueva Vizcaya ang lumahok sa pagkilos.

Gitnang Luzon. Naglunsad ng Sakbayan nitong Oktubre 18 ang may 1,300 myembro ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon mula sa Angeles City hanggang sa tanggapan ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City. Ipinanawagan nila sa

rehimeng Macapagal-Arroyo ang pagdagdag nang P15 sa subsidyo sa palay.

Timog Katagalugan. Naglunsad ng piket ang may 550 kasapi ng Kalipunan ng Samahan ng mga Magsasaka sa Timog Katagalugan noong Oktubre 18 sa harap ng Department of Defense sa Quezon City. Iginiit nila ang paghugot ng Task Force Banahaw mula sa rehiyon. Kinagabihan ay lumahok sila sa rali sa Malakanyang at sa embahada ng US.

Bikol. Lumahok ang may 500 myembro ng KMP-Bikol sa tatlong-araw (Oktubre 16-18) na pagkakampo sa labas ng upisina ng DA sa Camarines Sur. Pagsapit ng Oktubre 19, umabot sa 5,000 ang nagrali sa tapat ng naturang upisina.


Kabisayaan. Noong Oktubre 19-21, inilunsad ng 5,000 myembro ng KMP-Cebu ang Lakbayan/Sakbayan. Nagkaroon ng "Lugaw alang sa kalinaw" (lugaw para sa kapayapaan) noong Oktubre 20. Ang huling araw ng mga aktibidad ay kinatampukan ng isang saklaw-rehiyong dayalogo ng mga pesante. Naglunsad ng mga martsa-rali mula sa iba't ibang dako ng Cebu. Nagtipun-tipon ang mga nagrali upang tunghayan ang pinakahuling aktibidad—isang dula na nagsalarawan ng makasaysayang pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa mga kolonisador at mga mangangamkam-lupa ng kasalukuyang panahon.

Samantala, 1,000 myembro ng FIFA ang nagpiket sa tapat ng upisina ng DA sa Iloilo City.

Mindanao. Nitong Oktubre 19, nagrali ang may 1,500 kasapi ng KMP-Cotabato sa tapat ng upisina ng DENR sa sentro ng Cotabato City. Naglunsad naman ng martsa-rali ang may 2,000 myembro ng KASAMA Bukidnon sa Valencia, Bukidnon. Nitong Oktubre 17, nagtipon ang may 2,000 myembro ng KMP, Masipag, Bagong Alyansang Makabayan at iba pang militanteng grupo sa Central Mindanao University sa Maramag, Bukidnon upang tutulan ang field-testing ng Bt-corn doon. Binuo nila ang isang alyansa laban sa pagpapapasok o pagtatanim ng genetically modified organisms (GMO) sa kanilang lugar. Bago nito, 500 kasapi ng KASAMA Bukidnon ang nagpiket sa tapat ng upisina ng DA sa Cagayan de Oro.

P30 COST-OF-LIVING ALLOWANCE KINUNDENA NG MGA MANGGAGAWA

Nagsagawa ng malaking protesta nitong Oktubre 25 ang libu-libong manggagawa at kawani ng gubyerno upang kundenahin at itakwil ang inaprubahang P30 karagdagan *Cost of Living Allowance* (COLA) sa Metro Manila. Anila, isa itong insulto sa mga



manggagawa at kawani sa harap ng pagtindi ng kahirapan at kawalan ng hanapbuhay.

Ang kakarampot na umento sa sahod ay iniutos sa harap ng pagharang ng mayorya sa Kongreso at Senado at ng mismong Malakanyang sa panukalang batas para sa P125 *across-the-board* na dagdag sa sahod (HB No. 2605). Ito'y sa kabila ng pag-apruba ng House Committee on Labor and Employment noong Oktubre 24 sa HB No. 2605 na isinampa ng mga kongresistang kinatawan ng Bayan Muna.

Nagmartsa ang mga manggagawa patungo sa Mabuhay Rotonda ng Quezon City kung sila saan sinalubong ng mga maralitang-lunsod, kababaihan, kabataan-estudyante at iba pang demokratikong sektor. Tangan ng mga demonstrador ang mga bandila, plakard at istrimer na pumaligid sa isang dambuhalang *effigy* na nagpapakita kay Gloria Macapagal-Arroyong sumasakay sa isang tangkeng militar. Anila, mas binibigyang-halaga pa ng rehimen ang mapanalantang kampanyang militar ng US sa halip na makinig sa hinaing ng mga manggagawang Pilipino.

Napakaliit na nga ng P30 COLA, hulugan pa ang pagbibigay nito—kalahati sa Nobyembre at ang ikalawang hati sa Pebrero 2002. Itinakda rin na ang susunod na pagtataas sa sahod ay sa Pebrero 2003 pa.

At napakalayo na nga sa P125 na makatarungang dagdag sa arawang sahod ng mga manggagawa, inireklamo pa ng Employers' Confederation of the Philippines ang P30 na umento. Nagbanta ito ng karagdagang tanggalan ng mga manggagawa bago mag-Disyembre.

MGA BALITA



MGA INDIKASYON NG KRISIS SA EKONOMYA

Tanggalan sa trabaho. Mula Enero hanggang Setyembre ng taong ito, 41,785 manggagawa ang tinanggal sa kanilang trabaho at 37,239 ang ipinailalim sa job rotation o pakikipagsalitan sa iba para sa iisang trabaho.

Utang ng gubyerno. Lumobo mula P2.26 trilyon (\$43.68 bilyon) noong Hunyo tungong P2.3 trilyon (\$44.4 bilyon) noong Hulyo ang pangkabuuang utang ng gubyerno. Ang P1.146 trilyon nito ay utang sa labas ng bansa.

Pagbagsak ng Philippine Stock Exchange (PSE). Ibayo pang bumagsak ang index (palatandaan sa halaga ng mga sapi) ng PSE sa 988.04, pinakamababa mula noong Oktubre 11, 1991. Bago nito, bumagsak nang 30% ang halaga ng pamilihan noong Oktubre 9. Itinuturing ngayon ang PSE bilang ikalawa sa pinakamatumal sa buong rehiyon ng Southeast Asia.

Lumalaking depisito sa badyet. Umabot sa P122.152 bilyon ang depisito sa badyet ng Pilipinas hang gang noong Setyembre. Lampas ito nang 1.6% sa target na depisito sa badyet ng Pilipinas para sa unang siyam na buwan ng 2001. Kumita ang bansa ng P405.982 bilyon o 0.9% mas mababa kaysa sa target, samantalang ang gastos ay umabot sa P528.134 bilyon.

IMBESTIGASYON KAY MIGUEL ARROYO, INUMPISAHAN

Nag-umpisa nitong Oktubre 10 ang imbestigasyon ng Senado kay Jose Miguel Arroyo, asawa ng presidente. Si Arroyo ay inaakusahang tumanggap ng P50 milyong suhol para bawiin ng kanyang asawa ang naunang pag-*veto* (o pagtanggi) sa isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso na nagpapahintulot sa pagkakaroon ng monopolyong prankisa para sa pangangasiwa sa interkuneksyon ng mga serbisyong pangtelekomunikasyon.

Iniimbestigahan din si Arroyo sa pagpapasimuno sa iligal na pagkuha ng P250 milyon mula sa Philippine Charity Sweepstakes Office upang pondohan ang kampanya ng apat na kandidato ng People Power Coalition nitong nakaraang eleksyon.

IMELDA MARCOS, NAKALUSOT NA NAMAN

Muling nakalusot sa pagkakakulong si Imelda Marcos. Nitong Oktubre 17 ay ipinadakip na ito ng Sandiganbayan sa kasong katiwalian subalit siya'y nakalaya kapalit ng pyansang P120,000. Kaugnay ito ng pagtatatag ng mga huwad na pundasyon noong dekada 1980 upang paglagakan ng may \$230 milyong nakaw na yaman na nasa mga bangkong Swiss.

Bukod rito, ipinahayag ni Haydee Yorac, pinuno ng Presidential Comission on Good Government, na bukas na bukas itong makipagareglo sa mga Marcos, ayon sa kahilingan ng mga ito. Inamin din mismo ni Macapagal-Arroyo, pagkaupong-pagkaupo pa lamang niya bilang presidente, na payag siyang makipagkompromiso sa mandarambong na pamilyang Marcos hinggil sa mga nakaw na yaman.

PABATID

Ang AB ay regular nang maglalaan ng ispasyo para sa mahahalagang nais ipabatid ng alinmang namumunong organo ng Partido para sa kalahatan. Mga halimbawa nito ang paglalabas ng bagong libro o lathalain, casette tape o compact disk ng mga kanta, video tape o video compact disk ng mga rebolusyonaryong dula o pelikula, pagdiriwang, taktikal na opensiba, aksyong masa, dokumentasyon ng mahahalagang usapin at iba pa. Ipadala na lamang ang mga pabatid sa:

editors@angbayan.org

Pinakamainam kung masasamahan ito ng maigsing paliwanag o pagpapalawig sa nilalaman ng pabatid.